MINOR NA PROPETA

HOSEA - MALAKIAS

TMBC Course #7

Leader's Guide

Mahal na Lider sa Pag-aaral ng Biblia,

Aking lubos na kasiyahan ang personal na pakikipag-ugnay sa iyo sa ating pagsisimula sa pag-aaral ng mga Minor na Propeta dahil pakiramdam ko ang mga propetang ito ay aking mga "banal na mga kaibigan." Ang payo ko tingnan mo ang aking pangkalahatang panimula ng mga propeta, na makikita sa "Leader's Guide" sa Major na Propeta, bago mo umpisahan ang pag-aaral sa Minor na Propheta.

Ang bahaging ito ng panimula na espesyal na tumatalakay sa mga propeta ay ang prinsipyong "walang problema, walang propeta." Kapag ang gawain ng Diyos sa lupa ay pinangungunahan ng problema o ng sagabal, nagpapadala ng propeta ang Diyos na nangangaral laban sa problema o hadlang hanggang sa mawala ito pagkatapos makakasulong na ang gawain ng Diyos. Sa iyong pag-aaral sa bawat propeta, lagi mong itanong sa iyong sarili, "Anong problema o hadlang ang nais harapin ng propeta sa pamamagitan ng kanyang buhay, ministeryo, at kanyang mensahe?" At "Paano ginamit ng Diyos ang buhay at mensahe ng propeta upang maalis ang problema o hadlang upang magpatuloy ang kanyang gawain?"

Habang pinag-aaralan mo ang mga propetang ito, bilang karagdagan sa mga tanong sa itaas, pilitin mong makilala ang mga propetang ito hanggang sa sila ay maging "banal mong mga kaibigan" din. Habang binibigyan mo ng pansin ang kanilang mga mensahe, kilalanin mo na kahit na maraming kapahamakan at kadiliman at paghatol, karaniwan ang pangunahing paksa ay ang pag-ibig ng Diyos. Halimbawa, ang panimulang mga salita ng Malakias ay "Ang mensahe ng Diyos sa pamamagitan ni Malakias 'Sinabi ni Yahweh sa bayan ng Israel, Inibig ko na kayo noong una pa man.'"

Ang katotohanan kung bakit isinulat ni Jonas ang kanyang propesiya ay pagpapatunay sa katotohanang ito, habang siya ay nasa bayan ng Nineveh, ipinakita sa kanya ng Diyos na mahal niya ang bayan at ang mga tao doon, kahit na galit si Jonas sa kanila.

Sa iyong pag-aaral sa mga propeta, itanong ang mga katanungan na ito: "Ano ang sinasabing mensahe ng propetang ito?" "Ano ang kahulugan ng mensahe?" at "Ano ang ibig sabihin ng mensahe sa akin at sa mga tinuturuan ko?"

Dalangin ko ang napakayamang pagpapala ng Panginoon sa iyo, sa iyong pamilya at sa iyong ministeryo at ang iyong magiging karanasan. Sa pag-aaral na ito ay tuloy-tuloy na makakatulong sa iyo sa iyong paglalakbay at paglago sa pananampalataya habang ikaw ay lumalago sa iyong buhay espirituwal at ang pangunguna sa iba sa kanilang paglalakbay sa espiritual.

Dahil sa Kanyang pag-ibig,

Dick Woodward
Pastor and author of the Mini-Bible College

Pamumuno sa Grupo sa Pag-aaral ng Biblia

Inihanda nang Mini Bible College ang debosyonal at praktikong pagmamasid sa pangunahing aklat ng Biblia. Ang iyong papel bilang guro ay akayin ang grupo sa mga sesyon ng pag-aaral at pagsasanay, upang tulungan silang maunawaan ang mga konsepto, madiskubre ang mga walang hanggang prinsipyo at ang pinaka-mahalaga sa lahat ay maisa-pamuhay nila ito. Ang pag-aaral na ito ay aabot ng apat na buwan at dinisenyo ito na hindi lamang isang kurso. Ang pag-aaral na ito ay bahagi ng stratehiyang plano upang mabigyan ka ng mga kagamitan upang palusugin at palaguin ang iyong iglesia ng espirituwal at sa bilang.

Upang matulungan ka binigyan ka namin ng mga magagamit mo:

- Ang Leader's Guide
- Ang Target Media Approach (TMA) manual
- Report Forms
- Audio of Genesis and Exodus
- A study booklet on Genesis and Exodus
- A Set of 10 workbooks

Ang Leader's Guide ay dinisenyo upang bigyan ka ng kakayahan na gawin ang trabaho.

PAGPAPANIMULA

Bago ang Klase

- "'Pumunta kayo sa mga lansangang matao at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.' Pumunta nga sa mga pangunahing lansangan ang mga lingkod at isinama nila ang lahat ng kanilang natagpuan, masasama't mabubuti, at napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.'" (Mateo 22:9-10). Simulan ngayon na mag-imbita ng mga tao sa piging espiritual.

- Ihanda ang sarili sa panalangin para sa mga darating na tao. Kung posible, ipanalangin sila sa kanilang pangalan. Ang Diyos lamang ang makapagbabago ng kanilang puso at ang panalangin ay makapangyarihang gamit para dito. "Isinalaysay ni Jesus ang isang talinhaga upang ituro sa kanila na dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa" (Lucas 18:1).

- Humingi ng tulong. Huwag mong sikaping gawin ang lahat. Hingin ang tulong ng isa o dalawa para sa musika, awit, pagbati, at taga-pagtala para sa klase.

- Suriin ang aralin at unawain ang layunin ng aralin.

- Alaming mabuti ang bawat aralin; pakinggan, basahin at pag-aralan ang bawat aralin at isaulo ang talata sa Biblia bago magsimula ang klase.

- Siguruhin ang mga aralin ay laging handa para sa klase.

- Siguraduhing ang lugar na pagdarausan ay sapat sa bilang ng mga tao at komportable para sa grupo.

Habang sa Klase

- Batiin ang bawat dumarating. (Tandaan na mabuting laging masaya ang tumatanggap ng mga dumarating? Palawigin ang pagtanggap ng Diyos sa lahat.) Mahalaga na magkaroon ng isang taga-pagbati.
- Ipakilala ang mga dumadalo sa bawa't isa kung hindi pa magkakakilala.
- Magsimula sa pagsamba at panalangin, hingin sa Diyos na tulungan ka at ang bawat isa na maunawaan at isa-pamuhay ang aralin.
- Makinig sa audio lesson.
- Gamitin ang workbook, mag-anyaya ng talakayan na may kaugnayan sa pamumuhay. Naniniwala kami na ang mga katanungan ay maglalagay ng masiglang talakayan at pag-unawa na magdudulot nang tamang pamumuhay.

- Kung masyadong malaki ang grupo hatiin sa maliliit na grupo. Tig-tatlo o tig-lima sa bawat grupo upang makahikayat ng talakayan. Siguraduhin na babantayan mo ang oras at ingatan na ang pag-uusap ay hindi lumalayo sa aralin at pag-aaral ng Salita ng Diyos.
- Pasalamatan ang lahat sa kanilang pagdating at hikayating maging tapat sa pagdalo.
- Himukin ang bawat estudyante na mag-imbita ng ibang tao na sumali sa pag-aaral ng Biblia.
- Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang mga talata sa mga aralin sa bawat linggo.

Pagkatapos ng Klase

- Lipulin ang mga materyales para sa aralin.
- Ibalik ang silid sa dating kaayusan. Mas maayos pa kaysa bago pa kayo nagsimula.
- Itala sa talaan ang report.
- Kung nagpulong kayo sa ibang bahay, siguruhing mapasalamatan ang may bahay sa kanilang pag-tanggap sa inyo.

Espesyal na tagubilin sa Pagtuturo sa mga Natututo sa Pandinig lamang

Napakahalaga na alalahanin na ang mga hindi makabasa at makapagsulat ay natututo at napapanatili nila ang mga impormasyon kakaiba sa mga marurunong. Ang mga nag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig ay natututo sa pamamagitan ng pakikinig at pagsasalita ng kanilang narinig.

Ang di-marunong magbasa at magsulat ay hindi hadlang sa panahon ni Jesus. Makakatulong na alalahanin at sabihin sa klase na halos ng mga disipulos at karamihan ng mga taong nagpapalaganap ng Ebanghelyo ay di-marunong magbasa at magsulat.

Sa maraming kapamaraanan, ang mga nag-aaral na gumagamit ng pandinig ay may kakayahan na matuto sa kanilang narinig higit doon sa mga nagsusulat upang maalala ang pinag-aralan. Kaya nga dapat hayaan ang mga estudyante na marinig ang Banal na Kasulatan at ang aralin, itigil ang mensahe at balikan ang bahagi na hindi pa naintindihan, at pagkatapos hayaan silang

tumugon sa mga katanungan.

Kapag ang mga nag-aaral na gumagamit lang ng kanilang pandinig ay “kayang balikan ang kuwento” – gamit ang sariling salita upang sabihin ang kanilang narinig at natutunan – ay nagsasabi na kanilang nakuha ng mabuti ang prinsipiyo. Samakatuwid, gamitin ang mga katanungan sa aralin upang gabayin sila sa mas-malalim na pang-unawa sa Salita ng Diyos at tumibay ang relasyon sa Kanyang Anak, Jesus na siyang Cristo.

Ang Masakit na Talinghaga

Kabanata 1
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 74

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ni propeta Hosea at paano siya naging halimbawa ng pag-ibig ng Diyos sa Israel.

"Halikayo, tayo'y manumbalik kay Yahweh; sapagkat ang nanakit ay siya ring magpapagaling. Siya ang nanugat, kaya't siya rin ang gagamot. Sa loob ng dalawang araw ay mapapalakas niya tayo; sa ikatlong araw, tayo'y kanyang ibabangon, upang tayo'y mabuhay sa kanyang harapan. Halikayo't kilalanin natin si Yahweh, sikapin nating siya'y makilala. Kasintiyak ng pagdating ng bukang-liwayway, darating siyang walang pagsala, tulad ng patak ng ulan sa panahon ng taglamig, tulad ng tubig-ulan na nagpapasibol sa mga halaman."

—Hosea 6:1-3

Si Yahweh ang takbuhan ng mga pinahihirapan, matibay na kanlungan sa oras ng kaguluhan. Nananalig sa iyo Yahweh, ang kumikilala sa iyong pangalan, dahil wala pang lumapit sa iyo na iyong tinanggihan.

—Mga Awit 9:9-10

Sisimulan na nating pag-aralan ang labing-dalawang minor na propeta sa Lumang Tipan, tinawag silang minor sapagkat ang kanilang mga aklat ay maiksi. Makakatulong sa pang-unawa kung alam kailan nabuhay at nangaral ang mga propeta. Ang kasaysayan ng mga Hebreo sa Biblia ay nahahati sa 7 pangunahing (major) kapanahunan: 1) Kaharian, 2) Nahating Kaharian, 3) Pagsakop ng Asirya sa Hilagang Kaharian, 4) Pagkalipol ng Hilagang Kaharian, 5) Pagsakop ng Babilonia sa Judah, ang Kaharian sa Timog, 6) Ang pananakop ng Persia sa Babilonia at 7) Pagbabalik ng Judah mula sa Pag-kabihag.

Si Hosea ay itinalaga ng Diyos na maging propeta ng pag-ibig ng Diyos sa sampung tribo ng hilagang kaharian ng Israel sa panahon ng pagkakahati ng kaharian. Ang mamamayan ng Israel ay tumalikod sa Diyos at sumamba sa mga idolo, at itinuring ito ng Diyos bilang espirituwal na pangangalunya. Tinawag si Hosea ng Diyos upang pakasalan ang isang patutot, na pagkatapos manganak, ay babalik sa buhay na pangangalunya. Tinawag si Hosea na mahalin siya ng walang kondisyon bilang paglalarawan sa pag-ibig ng Diyos at pagtanggap sa kanyang mga tao.

Bilang dulot ng kanilang di pagiging tapat, pagsamba sa diyos-diyosan at mga idolo, ang Israel ay madadala sa pagkabihag. Bagama't ang sampung tribo ay hindi magiging bayan muli, nagbigay ng propesiya si Hosea na sila ay babalik sa pagka-espirituwal sa Diyos isang araw. Bilang matapat na asawang lalaki na mahal ang kanyang asawang babae, ang Diyos ay magbibigay ng awa at magpapatawad sa kanilang kasalanan, tulad din sa atin kapag tayo ay nagsisi sa ating mga kasalanan.

1. Tama o **Mali**? Ang huling labing-dalawang aklat ng Lumang Tipan ay tinatawag na “minor ng mga propeta” dahil hindi sila gaanong importante tulad ng ibang mga aklat.

2. Tama o **Mali**? Lubos na naunawaan ni Hosea bakit sinabi sa kanya ng Diyos na pakasalan ang isang patutot.

3. **Tama** o Mali? Di tulad ng ibang mga propeta, si Hosea ay nagministeryo sa hilagang kaharian ng Israel.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang pangunahing mensahe ni Hosea?
    a. Ang pagbagsak ng Asirya
    b. Ang pagdating ng paghatol ng Diyos
    c. Ang pag-ibig ng Diyos
    d. Ang darating Mesiyas

5. Kailan nangaral si Hosea?
    a. Bago ang pagkabihag ng Israel sa Asirya
    b. Pagkatapos ng pagkabihag ng Israel sa Asirya
    c. Pagkatapos ng pagkabihag ng Judah sa Babilonia
    d. Sa paghahari ni David

6. Sa anong paraan naging patutot na asawa ang Israel?
    a. Hindi sila naniwala sa kasalan.
    b. Sila ay hindi naging tapat sa Diyos sa pamamagitan ng pagsamba sa mga idolo.
    c. Sila ay hindi naging tapat sa hari sa pamamagitan ng paglilingkod sa ibang bansa.
    d. Hindi sila minahal ng Diyos.

7. Ilang mga propeta ang nangaral ng walang maliw na pag-ibig ng Diyos?
    a. Wala. Si Hosea lang.
    b. Isa—Si Jeremias lang.
    c. Dalawa o tatlo.
    d. Halos lahat sila.

8. Paano inilarawan ng Biblia ang pag-ibig ni Hosea kay Gomer?
    a. Minahal niya si Gomer ng walang maliw, tulad ng pagmamahal ng Diyos sa kanyang mga tao.
    b. Minahal lamang niya si Gomer kapag siya ay tapat sa kanya.
    c. Hindi naman niya talaga mahal si Gomer dahil alam niya na magtataksil siya sa kanya.
    d. Minahal niya si Gomer pagkatapos bumalik sa kanya.

9. Sino ang sinisi ni Hosea sa espirituwal na problema ng Israel?
    a. Diyos
    b. Siya mismo
    c. Ang hari
    d. Ang mga saserdote

10. Ano ang sinabi ni Hosea sa hinaharap ng Israel?
    a. Ayaw muli nilang bumalik sa Panginoon.
    b. Hindi na sila muling tatanggapin ng Diyos.
    c. Balang araw sila ay pagpapanumbalikin sa espirituwal.
    d. Panunumbalikin sila kaagad.

11. Ano ang kailangan ng Diyos sa mamamayan ng Israel?
    a. Ang kanilang mga sakripisyo
    b. Ang kanilang mga handog
    c. Ang kanilang mga gawa
    d. Ang kanilang pag-ibig

Naramdaman mo na ba na hindi ka karapat dapat sa pag-ibig ng Diyos? Paano ka binibigyan ng pag-asa ng mensahe ni Hosea? Sa paanong paraan ipinakita ng Diyos ang pag-ibig niya sa iyo?

_____

_____

_____

Salamat sa walang maliw na pa-ibig ng Diyos. Hingin na tulungan kang mahalin Siya ng tapat at mahalin ang ibang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal na ipinamalas sa iyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ang alegorya ay isang kuwento na maaaring totoo o kathang isip, kung saan ang mga tao, lugar at mga bagay ay may mas malalim na kahulugan. Isalarawan kung paano hinayaan ng Diyos ang iyong karanasan na lubhang malungkot na nagsilbing alegorya tulad ni Hosea, na nagsilbi bilang mensahe ng Diyos na ibinigay sa iyo para dalhin sa ibang tao.

2. Ilan ang mga aklat mo tungkol sa pag-ibig ng Diyos sa iyong silid aklatan? Dahil ang aklat ng Hosea ay aklat ng pagmamahal ng Diyos, ano ang larawan ng pag-ibig ng Diyos na pinangaral ni Hosea?

3. Sa anong paraan ang unang tatlong mga talata sa kabanatang anim sa aklat ng Hosea ay nagsisilbing mahusay na kapahayagan ng pag-ibig ng Diyos?

4. Ano ang mga paraan na ipinakita ni Hosea sa espirituwal na pangangalunya ng mga tao?

5. Basanhin ang buong aklat ng Hosea. Pansinin ang matatapang na sermon ni Hosea at sabihin kung alin ang iyong pinaka-paborito.

6. Ang bawat propeta ay tinatalakay ang hadlang sa gawain ng Diyos hanggang mawala ito upang magpatuloy ang gawain ng Diyos. Anong hadlang ang tinalakay ni Hosea sa gawain ng Diyos?

7. Ano ang halaga ng aklat ni Hosea para sa iyo?

Ang Balang at Dakilang Araw ng Panginoon

Kabanata 2
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 75

Layunin: Upang maunawaan ang personal at debosyonal na gamit ng mensahe ni propeta Joel

Ibabalik ko ang lahat ng nawala sa inyo nang pinsalain ng katakut-takot na balang ang inyong mga pananim. Ako ang nagpadala ng hukbong ito laban sa inyo. Magkakaroon kayo ngayon ng saganang pagkain at kayo'y mabubusog. Pupurihin ninyo si Yahweh na inyong Diyos, na gumawa ng mga kahanga-hangang bagay para sa inyo. Hindi na muli pang kukutyain ang aking bayan. Kaya nga malalaman ninyo na ako'y sumasainyo at akong si Yahweh lamang ang inyong Diyos. Hindi na muling hahamakin ang aking bayan.

—Hosea 6:1-3

Nagbigay ng propesiya si Joel di gaanong katagalan pagkatapos ng salot ng balang na nangyari sa Kaharian sa Timog. Ang sakunang ito ay isang halimbawa ng "Ang Araw ng Panginoon," isang pananalita na madalas gamitin sa aklat, ngunit ang propesiyang ito ni Joel ay tumutukoy din sa darating na pagsakop ng Babilonya, pati na rin sa muling pagdating ni Jesus. Tulad ng ibang mga propeta, ang mensahe ni Joel ay magkahalong propesiya tungkol sa pangkasalukuyang nangyayari, panghinaharap na kasaysayan, at panghuling mangyayari sa katapusan ng mundo.

"Ang Araw ng Panginoon," ang katagang ginagamit ni Joel, ay tumutukoy sa ibat-ibang mga pangyayari kung saan ang Diyos ay kumikilos: pagpapalo, paghatol, pagpapalaya, pagpapala, at marami pang iba. Ang Diyos ay laging kumikilos sa ating mga karanasan, maging sa gitna ng napaka hirap na pangyayari, para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa Kanya. Iminumungkahi ni Joel sa atin na dapat nating matanto na ang bawat araw—nakaraan, pang-kasalukuyan, at pang-hinaharap—kailangang tanggapin bilang araw ng Panginoon. Hinahamon tayo ni Joel na tingnan ang kamay ng Diyos sa lahat ng bagay na nangyayari sa atin. Gaya ng sinabi ni apostol Pablo, "Alam natin sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, silang mga tinawag ayon sa kanyang layunin." (Roma 8:28)

1. Tama o **Mali**? Mahirap malaman kung kailan isinulat ang aklat ng Joel, kung walang takdang panahon kailan ito isinulat bale wala ang mensahe nito.

2. **Tama** o Mali? Naniniwala ang ilang mga iskolar na nabuhay si Joel sa parehong panahon nila Elias at Eliseo.

3. Tama o **Mali**? Lahat ng mga Kristiyano ay nagkakaisa sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa huling panahon.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang ang tawag ni Joel sa salot ng balang na dumating sa Judah?
    a. Ang "pagsalakay ni Satanas"
    b. Isang "kalamidad ng kalikasan"
    c. Ang "Araw ng Panginoon"
    d. Isang "tanda ng tagumpay ni Moses laban kay Pharoah"

5. Saan ikinumpara ni Joel ang mga balang?
    a. Ang baha
    b. Ang bagyo
    c. Ang Exodo
    d. Ang hukbo

6. Ano ang ipinangaral ni Joel sa mamamayan ng Judah na dapat nilang gawin?
    a. Magsisi
    b. Tumakas
    c. Magtanim ng bagong punla
    d. Sambahin ang balang bilang diyos

7. Maliban sa mga balang, ano ang ibig sabihin ni Joel sa "ang araw ng Panginoon?" *(piliin lahat ng akman)*
    a. Ang darating na pagkabihag sa Babilonya
    b. Ang pinaka mahalagang pista ng Israel
    c. Ang Sabbath
    d. Ang milagro ng Pentekostes
    e. Ang kapanganakan ni Jesus
    f. Ang mga huling araw

8. Ano ang debosyonal na mensahe ng aklat ng Joel?
    a. Anumang pangyayari sa buhay natin ay masasabi nating "ang araw ng Panginonn" para sa atin.
    b. Laging hinahatulan ng Diyos ang Kanyang mga tao ng salot ng balang.

c. Kailan man hindi hinahatulan ng Diyos ang Kanyang mga tao.
d. Ang ibang mga sitwasyon sa buhay natin ay hindi maaaring tubusin.

9. Ayon sa 2 Pedro 3:11-12, ano ang kapalaran ng mundo?
   a. Mananatili ito ng walang hanggan.
   b. Matutunaw ito ng matinding init.
   c. Sasabog ito ng malakas na pagsabog.
   d. Dahan-dahan itong titigil sa pagpapanatili ng buhay.

> *At dahil ganito ang magiging wakas ng lahat ng bagay, mamuhay kayo nang may kabanalan at sikaping ninyong maging maka-Diyos habang hinihintay ninyo ang Araw ng Diyos. Magsikap kayong mabuti upang madaling dumating ang araw na ang kalangitan ay matutupok at ang mga bagay na naroroon ay matutunaw sa matinding init.*
>
> —2 Pedro 3:11-12

Anong pangyayari sa iyong buhay na masasabi mong "araw ng Panginoon?" Paano magpapalakas ng loob sa iyo ang pangako ng Diyos na sa lahat ng bagay ay gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti natin? Ano ang kalagayan mo sa buhay kung saan kailangan mong magtiwala sa Diyos?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos na Panginoon sa bawat sitwasyon sa buhay natin. Hingin sa Kanya na tulungan ka na mabuhay sa bawat araw sa pang-unawa na ang mundong ito ay masisira pagdating Niya muli.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ipaliwanag ang pahayag na ito: “Ang pangunahing propesiya ni Joel ay umpisa ng kaganapan sa Araw ng Pentekostes at ang kabuuang kaganapan ay sa huling panahon.”

2. Anong kahulugan sa sinabi ni Joel na ang salot sa balang ay ang araw ng Panginoon?

3. Noong ikinumpara ni Joel ang mga balang sa hukbo, ano ang malalim na kahulugan ng paglalarawan na ito?

4. Ano ang iyong pakiramdam tungkol sa mga taon na kinain ng mga balang ang buhay mo? Ipaliwanag.

5. Kung titingnan mo ang nakalipas mong buhay, ilang mga pangyayari ang masasabi mo na araw ng Panginoon?

6. Ikumpara ang sinulat ni Joel tungkol sa Araw ng Panginoon sa isinulat ni Pedro sa 2 Pedro kabanatang 3. Sa liwanag ng mga sinulat nila, anong uri ng tao ka dapat maging?

7. Ano ang hadlang na tinalakay ni Joel?

Amos – Ang Propetang Leon
Sa Lumang Tipan

Kabanata 3
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 76

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ng aklat ng Amos at paano ito iangkop sa atin ngayon.

Gawin mo ang matuwid, hindi ang masama, upang ikaw ay mabuhay. Sa gayon, sasaiyo si Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, tulad ng sinasabi mo. Kamuhian mo ang masama, ibigin ang mabuti. Pairalin mo sa mga hukuman ang katarungan, baka sakaling kahabagan ni Yahweh ang matitirang buháy sa lahi ni Jose.

—Amos 5:14-15

"Huwag kayong mag-impok ng mga kayamanan dito sa lupa; dito'y may naninirang insekto at kalawang, at may nakakapasok na magnanakaw. Sa halip, mag-impok kayo ng kayamanan sa langit; doo'y walang naninirang insekto at kalawang, at walang nakakapasok na magnanakaw. Sapagkat kung saan naroroon ang iyong kayamanan, naroroon din ang iyong puso."

—Mateo 6:19-21

Si Amos ay mamamayan ng Kaharian sa Timog na tinawag ng Diyos upang magbigay ng propesiya sa darating na pananakop ng Asirya sa Hilagang Kaharian. Nag ministeryo siya sa panahon na masagana ang Kaharian sa Timog, sa paghahari ni Haring Uzzia. Ngunit, ang mensahe niya sa Hilagang Kaharian ay para din sa hinaharap ng Judah. Lahat ng tao ng Diyos, maging sa hilaga o timog, ay mahahatulan dahil sa pagsuway. Sa katotohanan, ang espirituwal na kalamangan ng mga tao ng Diyos ay magdadala sa kanila sa mataas na panuntunan kaysa mga bansang hindi naniniwala sa Diyos. Ang mga nakakaalam sa Salita ng Diyos at hindi ito sinunod ay nasa mataas na antas ng pananagutan.

Tulad ng ibang mga propeta, ang mensahe ni Amos ay hula sa panunumbalik ng mga tao ng Diyos. Bagama't ang Israel ay bumalik na sa pulitiko sa ating panahon, ang pagbabalik sa espirituwal ay hindi nangyari. Ayon kay Amos, ang puso ng mamamayan ng Israel ay manunumbalik sa Diyos isang araw.

1. Tama o **Mali**? Si Amos ay maimpluwensiyang saserdote nagmula sa maimpluwensiyang pamilya.

2. **Tama** o Mali? Dalawa lang sa mga minor na propeta ang tinawag na mangaral sa Hilagang Kaharian.

3. Tama o **Mali**? Ang makasaysayang konteksto ng mga propetang nabuhay at nangaral ay hindi na mahalaga para sa atin.

4. **Tama** o Mali? Ang debosyonal na mensahe ng mga propeta ay mas mahalaga para sa atin kaysa alamin ang kaganapan sa kasaysayan.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit pinili ng Diyos ang isang magsasaka sa kaharian ng timog upang magdala ng mensahe sa hilagang kaharian?
    a. Upang magsimula ng kaguluhan sa dalawang kaharian
    b. Dahil ang mga propeta sa hilagang kaharain ay hindi nangangaral ng mensahe ng Diyos.
    c. Dahil ang Kaharian sa Timog ay higit na mahusay sa Hilagang Kaharian.
    d. Upang ingatan si Amos sa hilaga habang winawasak ng Diyos ang Kaharian sa Timog.

6. Kailan nangaral si Amos?
    a. Sa paghahari ni David
    b. Bago ipinanganak si Jesus
    c. Sa panahon ng pananakop ng Babilonya
    d. Sa paghahari ni Uzzia, malapit sa panahon ni Isaias

7. Ano ang kalagayan ng Isael at Judah sa panahon ni Amos?
    a. Masagana at ligtas mula sa mga kalaban
    b. Walang panlaban kung sinuman ang lulusob
    c. Sa gitna ng taggutom at kahirapan
    d. Agresibo at lumalaban

8. Sa paanong paraan mataktika si Amos?
    a. Nangaral lamang siya ng paghatol sa kalaban ng Israel.
    b. Ang kanyang mensahe ay nakalugod sa mga pulitiko ng Israel.
    c. Lagi niyang sinasabi ang mabuting balita bago ang masamang balita.
    d. Hindi siya mataktika, lagi nangangaral ng matatapang na mensaheng kahatulan.

9. Bakit sinabi ni Amos na mas hahatulang mahigpit ang Israel at Judah kaysa sa mga katabing bansa?
    a. Mas higit ang kanilang kaalaman sa Diyos at sa Kanyang Salita.
    b. Nagkasala sila ng malaki kaysa ibang bansa.

c. Mas masunurin ang ibang bansa kaysa sa kanila.
d. Hindi paborito ng Diyos ang Israel at Judah.

10. Alin ang pinaka mahalaga sa relasyon natin sa Diyos?
    a. Kung ano ang ating naririnig
    b. Kung ano ang ating nararamdaman
    c. Kung ano ang ating alam
    d. Kung ano ang ating ginagawa bilang tugon sa ating alam

11. Alin sa mga sumusunod ang larawan ng pamantayan ng Diyos na nakita ni Amos?
    a. Ang Sampus Utos na nakasulat sa bato
    b. Isang saserdote na alam ang lahat ng utos ng Diyos
    c. Si Moses at Elias magkasama
    d. Panghulog (isang kagamitan sa paggawa ng bahay)

12. Sino ang nakita ni Amos na nakatayo sa tabi ng altar na nagsasabi ng kahatulan?
    a. Ang Panginoon mismo
    b. Ang propeta Joel
    c. Haring Uzzia
    d. Haring David

13. Alin sa mga sumusunod ang mga mensahe ni Amos? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang paghahatol ay darating.
    b. Ang kapayapaan ay hindi mapipigilan.
    c. Ang panunumbalik ay kasunod ng paghatol.
    d. Sumuko na ang Diyos sa Israel.
    e. Hindi pa tapos ang Diyos sa Kanyang mga tao kahit sila ay nagkasala.
    f. Pareho walang pagkatalo ang Israel at Judah kaya hindi sila hahatulan.

Naglaro na ba sa isip mo kung bakit hindi pa sumuko ang Diyos sa Kanyang plano para sa iyo, o hindi ka karapatdapat upang magamit ka Niya? Paano pinalalakas ang loob mo ng mensahe ni Amos? Ano ang pinangakong pag-asa ng Diyos sa Kanyang mga tao at sa iyo?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos na kaya at gusto Niyang gamitin ang sinoman. Purihin ang Diyos na mas natutuwa sa pagpapanumbalik ng Kanyang mga tao kaysa sa pagpagparusa sa kanila. Hingin na ipakita Niya ang Kanyang awa sa iyo, sa pamilya mo, kapitbahay mo, lungsod mo, at bansa mo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa paanong paraan ang kinausap na espirituwal na komunidad ni Amos ay kahawig o katumbas ng Iglesia sa Amerika ngayon?

2. Ano ang mensahe ni Amos sa komunidad na mas espirituwal at higit na lamang sa materyal na bagay?

3. Bakit ang isang magsasaka mula Kaharian sa Timog ay maglalakbay sa Hilagang Kaharian upang mangaral ng makapangyarihang sermon na nagbigay babala sa pagdating ng paghatol ng Diyos?

4. Paano ipinakita ni Amos na siya ay karapat dapat na tawaging propeta?

5. Paano ipinakita sa Amos 3:3 ang pagkakaiba ng pagsasama at paglilingkod sa Diyos?

6. Kailan natupad ang mga kahatulan na sinabi ng propetang ito?

7. Ano ang hadlang na tinalakay ng propetang ito na pumipigil sa gawain ng Diyos?

Ang Piniling Kapalaran ng Edom

Kabanata 4
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 77

Layunin: Upang maunawaan ang babala sa mensahe ni Obadias.

"At maglalagablab naman ang lahi ni Jose. Lilipulin nila ang lahi ni Esau, at susunugin ito na parang dayami. Walang matitira isa man sa kanila. Akong si Yahweh ang maysabi nito."

—Obadias 18

Ang pagsunod sa hilig ng laman ay naghahatid sa kamatayan, ngunit ang pagsunod sa Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan.

—Roma 8:6

Nangusap ang Diyos kay Obadias upang ikondena o hatulan ang bayan ng Edom dahil ang mamamayan ng Edom ay natuwa at nalugod noong bumagsak ang Judah. Pinangako ng Diyos sa pamamagitan ni Obadias na di kalaunan ay mawawala sila dahil sa kanilang pagmamayabang. Ayon sa kasaysayan, ang propesiya ay naging totoo, ang bansang Edom ay nasakop ng maraming beses at ang kanyang mamamayan ay hindi makikita ngayon. Ang pakikitungo ng Diyos sa Edom ay nagpapakita ng Kanyang pangako kay Abraham na *"pagpapalain ko ang magpapala sa iyo, at sinumang susumpa sa iyo ay isusumpa ko"* (Genesis 12:3).

Ang kuwento ng di pagkasundo ng Israel at Edom ay mababalikan sa panahon ni Jacob at Esau. Naghanap ng espirituwal na pagpapala si Jacob at siya ay naging ama ng Israel. Ipinagbili ni Esau ang kanyang karapatan bilang panganay sa isang mangkok ng sabaw at siya ay tinanggihan ng Diyos. Ang magkapatid na ito ay kumakatawan sa mga espirituwal na naghahanap at sumusunod sa Diyos, at sa mga interesado lamang sa materyal na bagay sa mundo at makasariling kagustuhan.

1. **Tama** o Mali? Ang Obadias ay siyang pinaka maliit na aklat sa Lumang Tipan.

2. **Tama** o Mali? Sa propesiya ni Obadias ay walang nakalagay na takdang araw o konteksto sa kasaysayan kung kailan siya isinulat.

3. **Tama** o Mali? Ang mga Edomita ay kilala sa pagiging agresibong mananalakay.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Anong aklat sa Biblia makikita ang mga kuwento na pinanggalingan ng mga Edomita?
    - **a. Genesis**
    - b. Mga Bilang
    - c. 2 Cronica
    - d. Obadias

5. Kanino galing ang lahi ng mga Edomita?
    - a. Jacob
    - **b. Esau**
    - c. Moses
    - d. David

6. Ano ang tingin ng mga Edomita sa mga Hudyo?
    - a. Mahal at itinuturing na kapatid sila
    - b. Naramdaman nilang mas mababa sila
    - **c. Galit sila sa mga Hudyo**
    - d. Wala silang ugnayan sa isat-isa

7. Ano ang naging papel nila sa pagbagsak ng Jerusalem?
    - **a. Tinulungan nila ang Babilonya upang wasakin ang lungsod.**
    - b. Tinulungan nila ang mga Hudyo na ipagtanggol ang kanilang lungsod.
    - c. Nagtangka silang magkaroon ng kapayapaan.
    - d. Hindi nila pinansin ang sitwasyon.

8. Ano ang mensahe ni Obadias sa mga Edomita?
    - a. Pinagpala sila sa kabila nang pagtulong nila sa pagsalakay sa Jerusalem.
    - b. Nangako siya na tutulong sa mga Hudyo kung sila ay lulusubin.
    - c. Tinawag ang lahat ng mga tao ng Diyos upang lumaban sa kanila.
    - **d. Nagpropesiya siya na ang bansa ay parurusahan at ang kanyang mamamayan ay mawawala sa mundo.**

9. Ano ang nangyari sa Edom pagkatapos ng pagbagsak ng Jerusalem?
    - a. Umunlad siya lalo.
    - b. Kaagad itong nawasak.
    - **c. Siya ay nasakop ng tatlong beses—ng Babilonya, ang mga Hudyo, at ang Roma.**
    - d. Nasakop nila ang lupain ng Israel magpa-hanggang ngayon.

10. Alin sa mga sumusunod na debosyonal na mga katotohanan ang makikita sa Obadias? *(piliin lahat ng akma)*

a. Ang bawat isa ay mararanasan ang kinahinatnan ng kanyang buhay.
b. Ang paghatol ng Diyos ay mangyayari din sa mga hindi Niya tao.
c. Hindi natin dapat kainggitan ang gawi ng mga makasalanan.
d. **Tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako na pagpapalain ang mga nagpapala sa pinili Niyang mga tao at susumpain ang mga sumumpa dito.**
e. Ang bayan ni Jacob at Esau ay magkakasundo sa di kalaunan.
f. Sa di kalaunan ang mga bagay ay mangyayari sa ikabubuti ng Kanyang mga tao.

> *Walang pagsubok na dumating sa iyo na hindi nararanasan ng lahat ng tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y susubukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon.*
>
> —1 Corinto 10:13

Si Jacob at Esau ay kumakatawan sa dalawang kalikasan natin—ang espiritu at ang laman. Alin ang mas malakas sa buhay mo? Ano ang magagawa mo upang masiguro na ang kalikasan mong espirituwal ang laging nananalo sa labanan?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos sa Kanyang katapatan at pagkakaloob ng Kanyang Espiritu sa mga nagmamahal sa Kanya. Hingin na tulungan ka na laging hanapin ang walang hanggang espirituwal na pagpapala kaysa sa materyal na pagpapala.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sino si Edom at bakit masama ang loob ni Obadias sa kanya?

2. Ilan ang *"Hindi mo dapat o hindi ka dapat"* na makikita mo sa pinaka-maikling aklat sa Lumang Tipan?

3. Sa paanong paraan na ang mga ito ang susi sa pang-unawa sa aklat na ito?

4. Tingnan ang kasaysayan ng Red Rock City of Petra at iugnay ang kasaysayan na ito sa propesiya ni Obadias.

5. Sa paanong paraan si Jacob at Esau (Edom) ay kumakatawan sa espirituwal na tao at sekular na tao ng laman?

6. Napuntahan ko na ang Petra, masyado akong namangha na makita na ang propesiya ni Obadias sa Edom ay tunay na naganap. Ano ang propesiya niya tungkol sa bayan na ito?

7. Ipaliwanag kung paano ang ating Jacob na potensyal at ang ating Esau na potensyal ay maaaring mabuhay sa iisang tao?

Ayaw Niyang Humayo
At Ayaw Niyang Lumapit Sa Diyos

Kabanata 5
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 78

Layunin: Upang maunawaan ang pagkatawag at ministeryo ni propeta Jonas.

"Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng lahat ng tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang mapagtagumpayan iyon."

—Jonas 2:7-9

Ang Nineveh ay kaaway na mortal ng kabiserang lungsod ng Israel sa panahon ni Jonas, isang mapanganib na lugar sa mga Hudyo. Kaya noong tinawag ng Diyos si Jonas para pumunta sa Nineveh at mangaral ng mensahe ng Diyos sa darating na paghatol kapag sila ay hindi nagsisi, ang propeta ay tumakbo palayo upang magtago sa Diyos. Sumakay siya sa barko palayo sa Nineveh.

Ngunit gumawa ang Diyos sa pamamagitan ng bagyong dumating na nabingit sa panganib ang barko upang magsisi si Jonas sa kanyang katigasan ng ulo. Noong malaman ng mga tauhan sa barko na ang bagyo ay para kay Jonas, sinabi sa kanila ni Jonas na itapon siya sa dagat. Nilulon siya ng malaking isda sa loob ng tatlong araw. Sa tiyan ng isda, nanalangin si Jonas ng makabibliyang panalangin kung saan nagsisi siya at nangako na susunod at pupunta siya sa Nineveh ayon sa sinabi ng Diyos.

1. Tama o **Mali**? Wala sinuman ang tunay na naniniwala na nilulon ng malaking isda ang isang propeta sa loob ng tatlong araw.

2. **Tama** o Mali? Ang aklat ng Jonas ay walang masyadong kaugnayan sa ating panahon ngayon.

3. Tama o **Mali**? Ang aklat ng Jonas ay nagbibigay ng maliwanag na detalye kailan at saan ito sinulat.

4. **Tama** o Mali? Ang mga taong humahayo para sa Diyos ay laging unang lumalapit sa Diyos.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Anong mensahe ang sinabi ng Diyos na ipapangaral ni Jonas?
    a. Na ang Nineveh ay maghahari sa buong mundo
    b. Na ang Nineveh ay hahatulan sa kanyang mga kasalanan
    c. Na sasalakayin ng Israel ang Nineveh
    d. Na sisirain ng Nineveh ang Israel

> *Kung talagang nais ninuman ang sumunod sa kalooban ng Diyos, malalaman niya kung ang tinituro ko'y mula nga sa Diyos, o kung ang sinasabi ko ay galing lamang sa akin.*
> —Juan 7:17

6. Paano mapapatunayan ng sinuman na ang Biblia ay totoo?
    a. Sa pag-aaral sa seminaryo at matuto ng orihinal na salita kung saan isinulat ang Biblia.
    b. Sa pagbabasa at paghahanap sa katotohanan at handang sumunod sa sinasabi nito.
    c. Sa pag-aaral ng mga ebidensiya sa arkeolohiya at kasaysayan.
    d. Hindi talaga natin malalaman kung ito ay totoo o hindi.

7. Ilarawan ang mga taga Asirya?
    a. Sila ay malulupit.
    b. Sila ay kilala sa pagiging maawain.
    c. Sila ay kuntento na nakahiwalay nang malayo sa ibang tao sa mundo.
    d. Sila ay masigasig na ipagtanggol ang Israel.

8. Bakit tumakas si Jonas sa tawag ng Diyos sa kanya?
    a. Hindi niya maunawaan ang ibig sabihin ng pag-ibig ng Diyos.
    b. Hindi siya naniniwala na iingatan siya ng Diyos.
    c. Ayaw niya na ang Nineveh ay mapatawad.
    d. Siya ay bulaang propeta.

9. Ano ang karaniwang ginagawa natin sa pagharap sa mahirap na katotohanan?
    a. Maluwag nating itong tinatanggap dahil alam natin ito ay mabuti para sa atin.
    b. Pinasasalmatan natin ang Diyos dito at ibinabahagi natin ito sa iba.
    c. Sinisikap nating maunawaan paano magamit ito sa ating buhay.
    d. Sinisikap nating magtago sa katotohanan.

10. Bakit hindi pinuwersa ng Diyos si Jonas na sumunod?
    a. **Hindi Niya nilalabag ang karapatan nating pumili.**
    b. Lagi Niyang tinatanggihang maimpluwesiyahan ang ating mga desisyon.
    c. Alam Niya na tama lang na matakot si Jonas.
    d. Nakakita Siya ng ibang gagawa ng trabaho.

11. Ano ang nangyari pagkatapos pumunta ni Jonas sa wakas sa Nineveh?
    a. Naging martir siya para sa Diyos.
    b. Natuwa siya sa masarap na pakiramdam bilang mensahero ng Diyos.
    c. Ang lungsod ay nagsisi at naligtas sa hatol ng Diyos.
    d. Binigyan sila ng pagkakataon na magsisi, ngunit sila ay tumanggi kaya nahatulan din sila.

Naramdaman mo na ba na parang binigyan ka ng mahirap na gawain ng Diyos? Ano ito? Sinunod mo ba ito? Bakit o bakit hindi? Ano ang naging resulta? Tinatawag ka ba ng Diyos na ibahagi mo ang Kanyang mensahe ng pag-ibig sa iba? Sino?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos sa Kanyang tiyaga na manguna sa Kanyang mga tao at sa iyo. Hingin sa Kanya na ipakita sa iyo kung mayroong bahagi ng iyong buhay na hindi mo pa sinusunod Siya. Hingin na tulungan kang gawin ang nais Niyang ipagawa sa iyo. Hingin sa Kanya kung saan ka ipapadala at tulungan kang maibahagi ang mensahe ng Kanyang pag-ibig maging sa mga itinuturing mong mga kaaway.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano talaga ang dahilan bakit ayaw ni Jonas na magpunta sa Nineveh? *(Isaalang-alang ang Jonas 4:2)*

2. Sa kaya ng iyong panukat, gaano kalayo ang Tarshish mula sa Nineveh?

3. Dahil sinabi na ni Jonas na hindi na siya pupunta sa Nineveh, bakit nagtangka siyang tumakas sa presensiya ng Diyos? Posible ba na tumakas sa presensiya ng Diyos? *(Isaalang-alang ang Mga Awit 139)*

4. Mayroong ka bang makabuluhang paglapit sa Diyos at mabungang karanasan sa paghayo para sa Diyos? Ipaliwanag.

5. Ano ang mga iilang halimbawa ng makabuluhang paglapit mo sa Diyos?

6. Magbigay ng iilang halimbawa ng makabuluhang paghayo para sa Diyos?

7. Anong hadlang ang tinalakay ni Propeta Jonas na nakaharang sa gawain ng Diyos sa kanyang panahon?

Ang Mapanghusgang Propeta

Kabanata 6
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 79

Layunin: Upang maunawaan ang mensaheng pag-ibig ng Diyos sa aklat ng Jonas.

"Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako gaya ng inaakala ng ilan. Hindi pa niya tinutupad ang pangakong iyon alang-alang sa inyo. Binibigyan pa niya ng pagkakataon ang lahat upang makapagsisi at tumalikod sa kasalanan sapagkat hindi niya nais na may mapahamak."

—2 Peter 3:9

"...Alam kong kayo ay Diyos na mahabagin at mapagmahal, hindi madaling magalit at wagas ang pag-ibig. Alam kong lagi kayong handang magpatawad."

—Jonas 4:2

Ang mga propeta sa Lumang Tipan ay may sinusunod na parisan sa kanilang relasyon sa Diyos. Mayroon silang makabuluhang karanasan sa paglapit sa Diyos, at pagkatapos mayroon silang mabungang karanasan sa paghayo para sa Diyos. Ngunit si Jonas ay nagpakita sa atin nang kabaligtaran nito. Sa kabanatang 1, hindi siya lumapit sa Diyos at hindi siya humayo para sa Diyos. Sa kabanatang 2, lumapit siya sa Diyos, sinabi niya ng tatlong beses "Gagawin ko" sa loob ng tiyan ng isda. Pagkatapos niyang matagpuan ang Diyos, humayo siya para sa Diyos sa kabanatang 3.

Ang pangunahing tema ng aklat ng Jonas ay ang pag-ibig ng Diyos para sa lahat ng tao, kahit ang mga tao sa Asirya na kinamumuhian ng mga mamamayan na nakatira sa Nineveh. Kahit ang mapanghusgang tao na si Jonas na galit dahil patatawarin ng Diyos ang mga tao Nineveh, matiyaga pa ring ipinakita ng Diyos kay Jonas ang pag-ibig Niya sa mga tao sa Nineveh.

1. **Tama** o Mali? Alam ni Jonas na ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos ay magdadala sa mga taga Nineveh na magsisi at maligtas sa paghatol.

2. Tama o **Mali**? Karaniwan pinipilit tayo ng Diyos na gawin ang Kanyang kalooban.

3. **Tama** o Mali? Sa tiyan ng isda nangako si Jonas na susundin niya ang kalooban ng Diyos.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Alin sa mga sumusunod ang ginawa ni Jonas habang siya ay nasa loob ng tiyan ng isda? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Sinisi niya ang Diyos sa kanyang mga problema.
    b. Hiningi niya sa Diyos na hatulan ang Nineveh dahil sa kanilang kasalanan.
    c. Nagbanggit siya ng Kasulatan mula sa memorya.
    d. Umawit siya ng mga himno.
    e. Nanalangin siya.
    f. Hiningi niya sa Diyos na mamatay na siya.
    g. Sumumpa siya na susundin niya ang Diyos.
    h. Tinangka niyang tumakas at lumangoy sa ligtas na lugar.

5. Bakit pinababayaan ng Diyos ang Kanyang mga lingkod na masangkot sa mahihirap na kalagayan?
    a. Upang siraan ang loob nila
    b. Upang ipahiwatig na hindi na Niya mahal sila.
    c. Upang matuto sila na magtiwala sa kanilang sariling mga kayamanan
    d. Upang makuha ang tamang sagot mula sa kanila.

6. Ano ang ginagawa ng Diyos kapag ang Kanyang mga lingkod ay gumagawa ng tama sa gitna ng napakahirap na kalagayan?
    a. Iniiwan sila doon ng matagal na panahon upang turuan sila ng leksiyon.
    b. Hinahayaan silang maging karapat-dapat na matanggap ang Kanyang biyaya.
    c. Sinasagip sila at pinanunumbalik sila.
    d. Ginagawa niyang madali ang lahat ng bagay para sa kanila.

7. Paano tumugon ang mamamayan ng Nineveh pagkasabi ni Jonas sa kanila na sila'y wawasakin?
    a. Nagsisi sila sa kanilang mga kasalanan at naniwala.
    b. Binato si Jonas.
    c. Pinalayas si Jonas sa lungsod.
    d. Hindi siya pinansin man lang.

8. Paano tumugon ang Diyos sa mga taga Nineveh?
    a. Winasak Niya ang lungsod pagkatapos ng 40 araw.
    b. Nagpadala Siya ng marami pang mga propeta.
    c. Pinatawad sila at inalis ang hatol sa kanila.
    d. Binigyan sila ng kapangyarihan upang talunin lahat ang kanilang mga kaaway.

9. Ano ang inisip ni Jonas sa pagsisisi ng Ninieveh?
    a. Natuwa siya at pinuri ang Diyos sa Kanyang kabutihan.
    b. Hindi siya naniwala na ang kanilang ginawa ay totoo.
    c. Inisip niya na dapat naging mas mapagpasalamat sila.
    d. Nagalit siya sa Diyos dahil kinapopootan niya ang Nineveh.

10. Ano ang tugon ng Diyos sa galit ni Jonas?
    a. Matiyaga Niyang ipinakita kay Jonas ang pag-aalala niya sa lungsod.
    b. Nagalit Siya kay Jonas at ibinalik siya sa tiyan ng isda.
    c. Humingi Siya ng tawad kay Jonas at pinadala siya pabalik sa Israel.
    d. Winasak na lamang niya ang Nineveh.

11. Anong uri ng tao ang pinaka mahal ng Diyos?
    a. Mga Hudyo
    b. Mga Asiano
    c. Mga Amerikano
    d. Mahal ng Diyos ang lahat ng tao, kahit ano pa man ang kanilang lahi o kalalagayan.

12. Ano ang pinaka-mahalagang mensahe sa aklat ng Jonas? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang milagro ng isda na lumunok sa propeta
    b. Ang pagkamalupit ng taga Nineveh
    c. Ang paghuhusga ng mga tao
    d. Ang pag-ibig ng Diyos

Ikaw ba ay may pagkiling? Mayroon bang mga tao na mahirap para sa iyo na mahalin? Bakit mahirap silang mahalin? Ano ang nasa isip mo na nararamdaman ng Diyos sa kanila? Ano ang nais ng Diyos na dapat mong maramdaman sa kanila?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos na Siya ay pag-ibig at ang Kanyang pag-ibig ay umaabot hanggang sa dulo ng mundo. Hingin na bigyan ka nang pagkakataon na sabihin sa iba ang Kanyang pag-ibig sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Kung ang ibang mga pagkakataon ay mahirap, ipanalangin na bigyan ka Niya ng lakas ng loob na sundin Siya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bakit galit na galit si Jonas sa mga taga Nineveh? (Magsalikisk tungkol sa mga Asirya, na sila ang pinaka-matinding kaaway ng mga Hudyo. Lalo na ang kanilang pagiging malupit at di makataong gawain kapag nasakop nila ang mga tao)

2. Ano ang halaga nang pahayag na Salita ng Panginoon nang dumating muli kay Jonas sa pangalawang beses?

3. Ano ang matututunan natin tungkol sa pagiging balanse ng malayang kalooban ng tao at dakilang kapangyarihan ng kalooban ng Diyos, habang nananalangin si Jonas ng tatlong beses na sinabing “gagawin ko” sa loob ng tiyan ng dambuhalang isda?

4. Ano ang ating matututunan tungkol sa kung sino talaga ang nagligtas sa mga taga Nineveh sa paraan ng pagtugon ni Jonas sa pinaka-dakilang ebanghelikong krusada na nakita ng mundo?

5. Sa katotohanan na si Jonas ang sumulat ng aklat na ito, sa totoo lang nagmukha siyang katawa-tawa dito, paano tayo matutulungan sa pagbibigay kahulugan at paggamit ng mensahe ng propetang ito?

6. Anong hadlang ang tinatalakay ni Propeta Jonas noong sinulat niya ang aklat?

7. Sa paanong paraan mo maiiugnay ang mensahe ng aklat ni Jonas sa iyong sarili?

Ang Pampulitikang Propeta

Kabanata 7
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 80

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ng aklat ng Mikas.

"Sinabi ni Yahweh, "Ngunit ikaw, Bethlehem Efrata, bagama't pinakamaliit ka sa mga angkan ng Juda ay magmumula sa iyong angkan ang isang mamumuno sa Israel. Ang kanyang pinagmulan ay buhat pa noong una, noong unang panahon pa." Pagdating ng pinunong iyon, pamamahalaan niya ang kanyang bayan sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Yahweh sapagkat taglay niya ang kadakilaan ng pangalan ni Yahweh na kanyang Diyos. At ang Israel ay mamumuhay na ligtas, sapagkat kikilalanin ng buong daigdig ang haring iyon." ... "Ngunit para sa akin, kay Yahweh ako mananalig. Hihintayin kong may pagtitiwala ang Diyos na magliligtas sa akin at ako'y kanyang diringgin."

—Mikas 5:2, 4, 7:7

Nakasulat sa aklat ng Mikas ang tatlong dakilang sermon ni Mikas. Ang propetang ito ay ipinanganak sa bukirin na bayan, ngunit siya ay tinawag na mangangaral ng Salita ng Diyos sa mga lider ng pulitiko at relihiyon sa lungsod ng Israel at Judah. Sinamahan niya ang maraming mga propeta sa pagbibintang sa mga lider ng parehong kaharian, sa katiwalian moral at espiritual ng mga tao ng Diyos.

Sa unang sermon ni Mikas kanyang inimbitahan ang buong mundo na panoorin ang Israel at Judah habang sila ay pinaparusahan ng Diyos. Dahil hindi nila ipinakita ang kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga gawa, Kanyang ipapakita ang kanyang hustisya sa pamamagitan ng kanyang parusa sa kanila. Pagkatapos makikita ang Kanyang kaluwalhatian balang araw kapag sila ay pinanumbalik na. Ang pangalawa at pangatlong sermon ni Mikas ay tumatalakay sa pagiging tiwali ng mga pinuno ng mga tao ng Diyos. Ang tanging makapagliligtas lamang sa kanilang pagkabigo ay ang padating ng isang ganap na Hari: ang Mesiyas.

1. Tama o **Mali**? Di tulad ng mga ibang propeta si Mikas ay hindi magaling na mangangaral.

2. **Tama** o Mali? Nabuhay si Mikas bago pa ang pagkabihag sa Babilonya, halos kaalinsabay ng panahon ni propeta Isaias.

3. Tama o **Mali**? Si Mikas ay nangaral sa kabiserang lungsod ng hilagang kaharian at kaharian sa timog.

4. Tama o **Mali**? Ginagamit lagi ng Diyos ang mga taong mataas ang pinag-aralan upang mangaral sa mga taong mataas din ang pinag-aralan at mga taong walang pinag-aralan upang mangaral sa mga taong walang pinag-aaralan.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Anong uri ng mga tao ang sinisisi ng mga sermon sa aklat ng Mikas? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Magsasaka
   b. Gobyerno at mga lider sa sibil
   c. Kalaban ng mga tao ng Diyos
   d. Mga lider sa espirituwal

6. Ano ang unang mensahe sa sermon ni Mikas?
   a. Isang araw sisirain ng Diyos ang mundo.
   b. Nais ipakita ng Diyos sa mundo sa pamamagitan ng kanyang mga tao kung sino Siya.
   c. Ang panahon kung kailan darating ang Mesiyas.
   d. Ang Nineveh ay mapaparusahan sa kanyang kasalanan.

7. Ano ang gagawin ng Diyos sa Kanyang mga tao kapag hindi nila naipapamalas ang Kanyang katangian?
   a. Sinisira Niya sila
   b. Hindi Niya pinapansin ang kanilang kasalanan at pinagpapala pa rin sila.
   c. Pinagtatrabaho sila ng puspusan upang maging karapat-dapat sila sa Kanayng biyaya.
   d. Dinidisiplina sila upang ipamalas sa kanila ang Kanyang katuwiran.

8. Ano ang pangunahing paksa sa pangalawang sermon ni Mikas?
   a. Gobyerno
   b. Mga Asirya
   c. Tagtuyot at taggutom
   d. Katapusan ng panahon

9. Ano ang tatlong uri ng mga pinuno ang ipinangaral ni Mikas?
   a. Mga presidente, mga mambabatas, at mga tagasingil ng buwis
   b. Mga guro, mga magulang, at mga matatanda
   c. Mga propeta, mga saserdote, at mga awtoridad sa sibil
   d. Mga hari, mga lider sa militar, at mga pulis

10. Ano ang sinabi ni Mikas sa mga lider sa Israel?
    a. Maganda ang kanilang ginagawa.
    b. Sila ay tiwali at di makatarungan.
    c. Sila ay patatalsikin sa kanilang mga puwesto.
    d. Kailangan silang mamuno ng may lakas.

11. Ano ang akusasyon ni Mikas sa mga espirituwal na lider ng Israel?
    a. Panggagaway upang kumita ng pera
    b. Naghihintay ng suweldo para sa maka-diyos nilang ministeryo
    c. Pagtangkang patalsikin ang gobyerno
    d. Pangagaral ng mahigpit na moralidad na di kayang sundin ng mga tao

Sa iyo bang palagay ay kayang ipamalas ang katangian ng Diyos sa ibang mga tao? Sa paanong paraan natin magagawa iyon? Makapag-isip ka ba ng mga halimbawa ng mga taong gumawa nang gayon sa iyo?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos na ginawa tayo sa kanyang larawan upang ipamalas kung sino Siya. Hingin na lalo pang hubugin ang Kanyang katangian sa iyo araw-araw.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Kanino ibinintang ni Mikas ang dahilan ng katiwaliang moralidad ng mga tao ng Diyos?

2. Ano ang ang mensahe niya sa mga lider ng sibil o sekular na mga tao ng Diyos?

3. Ano ang menasahe niya sa mga saserdote, mga taga-pagturo ng mga tao ng Diyos?

4. Ano ang mensahe niya sa mga propeta, mga taga-payo ng mga tao ng Diyos na dapat sundin ang salita ng Diyos?

5. Ano ang ibinigay niyang propesiya upang ipakita ang uliran o ganap na gobyerno ng Diyos? *(Isaalng-alang ang Mikas 5:2, 4, 7:7)*

6. Ano ang kaibahan ng kanyang propesiya tungkol sa pagdating ng Mesiyas?

7. Ano ang hadlang sa gawain ng Diyos ang tinalakay ng propetang ito?

Huling Solusyon ng Diyos

Kabanata 8
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 81

Layunin: Upang maunawaan ang pag-asa na matatagpuan sa aklat ng Mikas.

Ngunit para sa akin, kay Yahweh ako mananalig. Hihintayin kong may pagtitiwala ang Diyos na magliligtas sa akin at ako'y kanyang diringgin. Wala nang ibang diyos na tulad mo, O Yahweh. Pinapatawad mo ang mga kasalanan ng mga nakaligtas sa bayan mong pinili. Hindi nananatili ang iyong galit magpakailanman. Sa halip ay ipinadarama mo sa kanila ang tapat mong pag-ibig. Muli mo kaming kaaawaan. Tatapakan mo ang aming mga kasalanan at ihahagis sa kalaliman ng dagat.

—Mikas 7:18-19

Mapalad ang taong pinatawad na ang kasalanan, at pinatawad rin sa kanyang mga pagsalangsang. Mapalad ang taong hindi pinaparatangan, sa harap ni Yahweh'y hindi siya nanlinlang.

—Mga Awit 32:1-2

Sa pangatlong sermon ni Mikas, hinarap ng Diyos ang Kanyang mga tao na parang nasa loob sila ng korte, pina-alala Niya sa kanila ang kanyang pagmamahal noong mga nakaraang panahon. Ano ang kailangan upang isagawa ang Kanyang dakilang gawain? Ang nais ng Diyos ay higit pa sa pag-aalay ng mga sakripisyo ng Kanyang mga tao, ito ay ang mabuhay ng may katarungan, pagmamahal na may awa, at lumakad na may pagpapakumbaba sa Kanya.

Pagkatapos mabigo ang gobyerno sa Israel at Judah, nangaral si Mikas ng mensaheng may pag-asa sa lahat ng mga tao ng Diyos at ng buong mundo tungkol sa parating na Mesiyas. Kung saan nabigo ang makataong gobyerno sa Jerusalem at Samaria, ang lubos na kapangyarihan ni Cristo ay walang kabiguan, Siya ay magdadala ng tunay na kapayapaan sa Kanyang mga tao. Siya ang perpektong huwaran sa pagiging Propeta, Saserdote, at Hari.

1. **Tama** o Mali? Si Mikas lang ang propetang nagsabi kung saan ipapanganak ang Mesiyas.

2. Tama o **Mali**? Dahil si Mikas ay isa sa mga minor na propeta, ang kanyang mensahe ay di gaanong mahalaga.

3. **Tama** o Mali? Nagbigay ng propesiya si Mikas na maghahari sa lakas ng Panginoon ang Mesiyas.

4. Tama o **Mali**? Ang Biblia ay tunay na tiyak tungkol sa lugar at oras ng pagbabalik ni Jesus.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Kailan nagsimulang mamuno si Jesus sa gobyerno ng Israel?
    a. Pagkatapos mismo ng Kanyang pagkabuhay na muli
    b. Sa katapusan ng Bagong Tipan
    c. Nagsimula na pero nabigo Siya
    d. Mamumuno Siya sa Kanyang muling pagdating

6. Sa paghahari ng Mesiyas, sino ang mga pupunta sa bundok ng Panginoon?
    a. Lahat ng bansa
    b. Ang kabuuan ng Gitnang Silangan
    c. Israel at Judah
    d. Kakaunting mga Kristiyano

7. Anong eksena ang inilalarawan ni Mikas sa kanyang pangatlong mensahe tungkol sa pag-uusap ng Diyos sa Kanyang mga tao?
    a. Isang hardin
    b. Isang lambak ng tuyong mga buto
    c. Sa isang korte
    d. Ang mga ilog ng Babilonya

8. Ano ang pinaka-ninanais ng Diyos mula sa Kanyang mga tao?
    a. Paghahandog ng mga hayop
    b. Pag-aalay ng finansyal
    c. Pagsunod at paglalakbay sa banal na lugar
    d. Isang tamang puso

9. Paano nagtapos ang propesiya ni Mikas?
    a. Sa malupit na paghatol ng Diyos
    b. Sa positibong mensahe ng pag-asa
    c. Sa pagtalikod ng Diyos sa Kanyang mga tao
    d. Sa biglaang pagsisisi ng Israel

10. Mula saan maghahari sa mundo ang Mesiyas?
    a. Mula sa malayong kalangitan
    b. Mula sa Jerusalem
    c. Mula sa Roma
    d. Mula sa lungsod kung saan may pinaka-maraming mga Kristiyano kapag Siya ay dumating na

11. Ano ang ang huli at pinaka-mensaheng pag-asa ni Mikas?
    a. Ang magpapalakad ng mga gobyerno ay mga maka-Diyos na mga tao.
    b. Ang mga lider sa relihiyon ay magiging Kristiyano lahat.
    c. Ipapadala ng Diyos ang Kanyang Kaligtasan, ang Mesiyas, na maghahari sa katuwiran.
    d. Walang pag-asa. Hahatulan ng Diyos ang mundo.

Mas madali ba sa iyo ang mag-alay ng sakripisyo kaysa sa magkaroon ng dalisay na puso sa Kanya? Alin ang higit na inaasahan Niya sa iyo? Bakit?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos ipinadala ang Kanyang Anak, na hinulaan ni Mikas, tulad ng ipinangako Niya, na balang araw si Jesus ay babalik at maghahari. Salamat sa Diyos na ang kanyang kaloob na kaligtasan ay may kasamang panibagong puso. Hingin na punuin ang iyong puso ng pagmamahal sa Kanya, pagmamahal sa kapwa, at pagnanasa na gawin ang Kanyang kalooban. Salamat sa Diyos na mayroon tayong pag-asa na si Jesus ay darating na muli at Siya ay maghahari sa katuwiran sa buong mundo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Base sa mensahe ni Mikas, ang mga tagasunod ni Cristo ay dapat bang magkaroon ng boses sa proseso ng pulitika?

2. Ayon kay Mikas, ano ang tatlong bagay na nais ng Diyos sa bawat mananampalataya na masigasig sa Kanya? *(Isaalang-alang ang Mikas 6:8)*

3. Ano ang kahulugan ng *gumawa ng may katarungan, ibigin ang kaawaan, at lumakad ng may kababaan* sa Diyos?

4. Sa ating pagsasagawa ng may *katarungan,* sa anong paraan magiging makahulugan ito kung saan dapat tayong magpursigi upang makapanindigan sa matuwid laban sa di matuwid?

5. Dahil sa ang awa ay walang kondisyon na pagmamahal, sa anong paraan magagamit ang katuruan ni Mikas na dapat nating *ibigin ang kaawaan*?

6. Dahil sa ang Diyos ay matuwid at sa kanya galing ang walang kundisyong pag-ibig, ano ang mga praktikal na kagamitan ng *lumakad nang may pagpapa-kumbaba* sa ating Diyos?

7. Bilang karagdagan sa pagsilang ni Cristo sa Betlehem, kailan nakita ni Mikas ang solusyong ibinigay ng Diyos para sa tiwaling gobyerno na nangyayari sa lupa?

Propeta ng Kaaliwan

Kabanata 9
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 82

Layunin: Upang maunawaan ang kabanalan at pag-ibig ng Diyos sa mensahe ni Nahum.

Si Yahweh ay napakabuti; matibay na kanlungan sa panahon ng kaguluhan. Mga nananalig sa kanya'y kanyang inaalagaan. Tulad ng malaking baha, lubos niyang pupuksain ang kanyang mga kaaway, at tutugisin sila hanggang mamatay.

—Nahum 1:7-8

Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

—Romans 6:23

Sinakop at binihag ng mga Asirya ang lahat ng mga bansa sa mundo na may kalupitan. Sa kanilang pag-angat bilang dakilang emperyo, ang buong mundo ay nabalot ng takot dahil sa kanilang kalupitan. Ang kabiserang lungsod ng Emperyo ng Asirya ay ang lungsod ng Nineve. Bagama't ang lungsod na ito ay nagsisi na dahil sa pangangaral ni Jonas, sinakop pa rin ng Asirya ang Hilagang Kaharian ng Israel pagkatapos ng 60 taon. Pagkalipas na naman ng 60 taon ng pananakop na iyon kanilang binantaan ang Kaharian ng Judah sa Timog. Sa panahon na iyon ang propeta Nahum ang nagsalita ng kaaliwan sa Judah: ang Nineveh ang kabiserang lungsod ng kanilang kaaway ay malapit ng masira. Dahil sa kabanalan at matuwid na katangian Niya, haharapin ng Diyos ang mga Asirya ng may kalupitan at parurusahan sila sa kanilang kasuklam-suklam na kasalanan.

1. **Tama** o Mali? Tulad ni Jonas, si Nahum ay nangaral din ng mensahe tungkol sa Nineveh.

2. Tama o **Mali**? Ang pagsisisi ng Nineveh ay nagtagal ng mahigit na isang daang taon.

3. **Tama** o Mali? Ang Nineveh ay ang nangungunang lungsod sa mundo sa panahon ni Nahum.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Itugma ang tamang kabanata sa tamang tema ng Nahum?

a. Kabanatang 1 **(ii)**	i. Ang sentensiya ng Ninive ay pinagtanggol
b. Kabanatang 2 **(iii)**	ii. Ang sentensiya ng Ninive ay idiniklara
c. Kabanatang 3 **(i)**	iii. Ang sentensiya ng Ninive ay inilarawan

5. Gaano katagal bago bumagsak ang Nineveh pagkatapos ng propesiya ni Nahum?
   a. 2 linggo
   b. 3 ½ taon
   c. 23 taon
   d. 120 taon

6. Anong panahon nabuhay si Nahum?
   a. Kaagad pagkatapos ni propeta Elias
   b. Bago ang pagkabihag sa Babilonya, malapit sa panahon ni Isaias
   c. Malapit sa panahon ni Jesus
   d. Wala tayong alam sa detalye ng kanyang buhay

7. Ang mga aklat sa propesiya ay karaniwang tinatawag na “pagbagsak ng apat na lungsod.” Aling lungsod ang tinutukoy?
   a. Roma
   b. Jerusalem
   c. Damascus
   d. Susa
   e. Atena
   f. Nineveh
   g. Babilonya
   h. Gath
   i. Samaria

8. Ano ang mensahe ni Nahum sa mamamayan ng Judah?
   a. Hindi na sila mag-aalala sa pagsalakay ng Nineveh kahit kailan.
   b. Sila ay mawawasak kasama ang Nineveh.
   c. Sila ay maliligtas lamang pagkatapos silang mabihag ng Nineveh ng 70 taon.
   d. Sila ay mabibihag at ikakalat ng Nineveh tulad ng Hilagang Kaharian.

9. Bakit ibinuhos ng Diyos ang galit niya sa Nineveh?
    a. **Naging matigas na ang kanilang puso na ayaw nilang magsisi at naging malupit sila sa kabangisan.**
    b. Sila'y nagiging masyadong makapangyarihan na at mahirap para sa Kanya na hawakan na sila.
    c. Hindi na sila importante tulad nang iba.
    d. Nais niyang ipakita ang Kanyang kapangyarihan.

10. Ano ang sinasabi ni Nahum tungkol sa katangian ng Diyos?
    a. Ang Diyos ay mapagmahal lamang at hindi Siya nagagalit.
    b. Siya ay galit lamang at hindi nagpapahayag ng pag-ibig.
    c. **Ang Diyos ay mapagmahal at banal at nagagalit sa kasalanan.**
    d. Hindi nagmamalasakit ang Diyos sa mga gawain ng tao.

11. Bakit ang aklat ng Nahum ay mahalagang mensahe para sa atin ngayon?
    a. Ipinapakita sa atin na ang Diyos ay nagmamahal lamang ng iilang tao.
    b. Binibigyan tayo ng babala upang manalangin na mawasak ang ating kaaway.
    c. May propesiya na ang Nineveh ay itatayo muli sa ating panahon upang labanan ang mga tao ng Diyos.
    d. **Ito ay pag-aaral kung paano ang pag-ibig ng Diyos ay naipapahayag sa pamamagitan ng kanyang galit at tinutulungan tayo upang maintindihan bakit galit ang Diyos sa kasalanan.**

Bakit galit ang Diyos sa kasalanan? Paano ang galit ng Diyos sa kasalanan ay nagpapakita ng Kanyang pagmamahal sa atin? Mayroon ka bang kaibigan o kamag-anak na hindi pa tumanggap ng buhay na walang hanggan na kaloob ng Diyos? Paano mo maibabahagi ang pag-ibig ng Diyos sa kanila?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na labis ka niyang minahal at di pinansin ang mga kasalanan mo sa buhay. Hingin na gawin kang matibay laban sa tukso, at hingin din na ilagay niya ang Kanyang damdamin sa iyong puso. Hingin sa Diyos na tulungan ka na ibahagi ang Kanyang mensahe ng pag-ibig sa lahat nang nangangailangan dito.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa anong paraan ang mga propesiya ni Nahum tungkol sa pagkawasak ng Nineveh ay mabuting balita sa mga tao ng Diyos?

2. Kapag ikinumpara ang aklat ng Nahum sa aklat ng Jonas, ano ang konklusyon na dapat mong magawa tungkol sa di-pangkaraniwang kaligtasan ng Nineveh sa pamamagitan ni Jonas?

3. Ano ang debosyonal at praktikal na gamit ng aklat ng Nahum sa buhay ngayon?

4. Sa paanong paraan ipinagtanggol ni Nahum ang pagkawasak ng Nineveh?

5. Kung isaalang-alang mo ang kakila-kilabot na kalupitan ng mga Asirya, ang aklat bang ito ay nagsasabi na ang Diyos ay pinapahintulutan lamang ang masama at ang emperyo na napakasama sa takdang panahon at pagkatapos Kanya itong buburahin?

6. Paano pina-tutunayan na totoong propeta si Nahum sa kanyang propesiya tungkol sa pagsakop sa Nineveh na naganap pagtapos ng 23 taon?

7. Anong hadlang sa gawain ng Diyos ang tinalakay ni propeta Nahum?

Ang Orihinal na Usapan

Kabanata 10
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 83

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ng aklat ng Habakuk.

O Yahweh, narinig ko ang tungkol sa inyong ginawa, at ako'y lubos na humanga. Ulitin ninyo ngayon sa aming panahon ang mga dakilang bagay na ginawa ninyo noon. Maging mahabagin kayo, kahit kapag kayo'y nagagalit.

—Habakuk 3:2

Bakit ako nalulungkot, bakit ako nagdaramdam? Sa Diyos ako'y may tiwala, siyang aking aasahan; magpupuri akong muli, pupurihing walang humpay, ang aking Tagapagligtas, ang Diyos na walang hanggan.

—Mga Awit 42:11

Si Habakuk ay saserdote at ministro ng pagsamba at musika na nabuhay bago dumating pagkabihag sa Babilonia, noong ang banta sa pagsalakay ng Babilonia ay maliwanag na sa lahat. Ngunit habang ang mga nagbabantay sa tore sa Jerusalem ay naghihintay sa pagdating ng mga hukbo, inilagay ni Habakuk ang kanyang sarili sa toreng espirituwal upang makinig mula sa Diyos. Siya ay kilala sa pagtatanong ng paulit-ulit na "bakit?" habang nakikipagbuno sa mga katanungan na tinatanong ng Judah. Sinabi ng Diyos ang Kanyang layunin, pagkatapos inudyukan ni Habakuk ang Judah na mabuhay sa pananampalataya at huwag mawalan ng pag-asa. Tinapos niya ang kanyang mensahe ng magandang awit na papuri sa Diyos.

1. Tama o **Mali**? Kilala si Habakuk sa pagsagot ng maraming mga mahihirap na tanong.

2. Tama o **Mali**? Kahit na ang aklat ng Habakuk ay sumunod sa aklat ng Nahum sa Biblia, si Habakuk ay nabuhay hindi kukulangin sa isang daang taon bago pa si Nahum.

3. **Tama** o Mali? Nangaral si Habakuk sa panahon ng pagsalakay ng Babilonia.

4. **Tama** o Mali? Si Habakuk ay saserdote na may responsibilidad sa musika.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ilang beses nasipi sa Bagong tipan ang kilalang talata sa Habakuk?
    a. Minsan
    b. Tatlong beses
    c. 14 beses
    d. 22 beses

> *... ngunit ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya.*
> —Habakuk 2:4

6. Ano ang maaaring isang dahilan kung bakit naisulat ang aklat ng Habakuk sa estilo ng pagtatanong?
    a. Wala siyang alam na kasagutan dahil hindi niya alam paano makinig sa boses ng Diyos.
    b. Nais niya na matuklasan mismo ng mga tao ang kasagutan.
    c. Isang malikhaing paraan na ipakita ang mahirap na katotohanan na hindi pinapahayag ng direkta dahil makapaglalagay ito sa kanya sa bingit ng kamatayan.
    d. Inisip niya na ang kanyang sinulat ay makakatulong upang malito ang mga Babilonia sa pagsakop nila sa Jerusalem.

7. Ayon kay Habakuk, ano ang dapat nating gawin kapag tayo ay nasa krisis? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Gumawa toreng bato
    b. Nag-iisang makipag-ugnayan sa Diyos.
    c. Itanong lahat sa Diyos ang ating mga katanungan.
    d. Magtiwala sa ating sariling abilidad upang harapin ito.
    e. Magbantay at maghintay sa sasabihin ng Diyos.
    f. Gamitin ang sarili nating panuntunan sa lohika.
    g. Piliin na mabuhay sa pananampalataya sa Diyos.
    h. Sambahin ang Diyos

8. Paano nagtapos ang aklat ng Habakuk?
    a. Sa pagbitay sa kanya
    b. Sa tagumpay ng Babilonia laban sa Jerusalem
    c. Sa propesiya ng huling panahon
    d. Sa himno ng papuri

9. Ano ang pinaka layunin ng isang martir?
    a. Upang ipakita sa mundo ikaw ay isang saksi
    b. Upang mamatay nang pinaka-madali

c. Upang mamatay na hindi napapahiya ang Diyos
d. Upang magkamit ng malaking gantimpala sa langit

10. Saan tayo maaring kumuha ng lakas at kaaliwan sa gitna ng krisis?
    a. Sa ating trabaho
    b. Sa ating gobyerno
    c. Sa salaping ating naipon
    d. Sa Diyos lamang

Marami ka bang mga tanong sa Diyos? Ano ang iilan dito? Mayroon ka bang lugar kung saan nakakatagpo mo ang Diyos at naghihintay sa Kanya upang mangusap sa iyo? Sa anong paraan siya nangungusap sa iyo?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na puwede tayong magtanong sa Kanya, na handa Siyang mangusap sa Kanyang mga tao, at pasalamatan Siya sa Kanyang kapangyarihan at pag-anyaya sa atin na hanapin Siya bilang ating kanlungan at sa pagbibigay ng direksiyon sa atin. Hingin na mangusap Siya sa iyo kahit na kung minsan ikaw ay tahimik sa harapan niya. Ipanalangin na dagdagan ang iyong pananampalataya at tulungan ka na laging sumamba sa Kanya, lalo na sa oras ng kahirapan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang matalinong estilo ng panitikan ang ginamit ni Habakuk, at bakit pinili niya na ipahayag ang kanyang mensahe sa ganitong paraan?

2. Ang mga katanungan ba na itinanong niya mula sa kanyang bantay tore ay sarili niyang mga katanungan o mga katanungan ng mamamayan ng Diyos na itinanong nila sa nalalapit na pananakop ng Babilonia?

3. Paano binigyan ng kahulugan ng propetang ito ang dakilang pahayag, “Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya,” (2:4) na magagamit ng mga tao na nakarinig ng kanyang tanong at kasagutan?

4. Ang kanyang pangunahing tanong “Bakit Mo gagamitin ang mas masasamang tao upang ituwid kami sa palo?” Noong sinagot ng Diyos ang katanungan na iyon sa pamamagitan ni Habakuk, ano ang Kanyang sagot na nauugnay sa mga tao ng Diyos?

5. Ano ang sagot ng Diyos sa pamamagitan ni Habakuk na nakaugnay sa mga masasama na malapit ng lumupig sa kanila?

6. Ano ang kaugnayan ng himno na sinulat ni Habakuk sa huling bahagi ng kanyang propesiya (Hab. 3:16-19) sa tinatawag na “prosperity theology” na ipinapangaral ng marami ngayon, sa kabila ng katotohanang hindi natin alam kung nabuhay ang propetang ito mula sa pagsalakay ng Babilonia?

7. Anong hadlang sa gawain ng Diyos ang tinalakay ni propeta Habakuk?

Malinis Mula Sa Itaas
Hanggang Sa Ibaba

Kabanata 11
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 84

Layunin: Upang maunawaan ang babala para sa Judah at sa atin sa mensahe ni propeta Zefanias.

Manumbalik kayo kay Yahweh, kayong mapagpakumbabá, kayong sumusunod sa kanyang kautusan. Gawin ninyo ang tama at kayo'y magpakumbabá kay Yahweh, baka sakaling kayo'y makaligtas sa parusa sa araw na iyon!

—Zefanias 2:3

Ang iyong kaparusahan ay inalis na ni Yahweh, at pinalayas na niya ang iyong mga kaaway. Nasa kalagitnaan mo si Yahweh, ang Hari ng Israel, wala nang kasawiang dapat pang katakutan. Sa araw na iyon ay sasabihin sa Jerusalem, "Huwag kang matakot, Zion; huwag kang panghinaan ng loob. Nasa piling mo si Yahweh na iyong Diyos, at ang kanyang kapangyarihan ang magbibigay sa iyo ng tagumpay. Siya ay magagalak sa iyo at ang pag-ibig niya ang magbibigay sa iyo ng bagong buhay. Masaya siyang aawit sa laki ng kagalakan.

—Zefanias 3:15-17

Nagbigay ng propesiya si Zefanias tungkol sa Araw ng Panginoon. Bagama't nagbigay na si Joel ng propesiya tungkol sa Araw ng Panginoon sa pangnakaraan, pangkasalukuyan, at panghinaharap, ang binigyang pansin ni Zefanias ay ang pinaka-huling araw ng pagbabalik ni Jesus at ang paghatol ng Diyos sa mundo. Inilarawan ang pangyayari na makaka-apekto sa bawat tao at hayop sa mundo. Dahil ang pangyayaring ito ay darating dulot ng kasalanan ng mga bansa, hinimok ni Zefanias ang pagsisisi at pagiging matapat. Walang hindi maka-Diyos na bansa ang maliligtas sa araw na ito, ngunit laging magtitira at maglilingap ang Diyos doon sa mga matatapat sa Kanya. Sa kahuli-hulihan, ang bawat tao sa mundo ay kikilalanin ang Panginoon bilang Diyos.

1. Tama o **Mali**? Wala sino man ang nakakaalam kailan nabuhay si Zefanias.

2. Tama o **Mali**? Halos sa panahon ni Zefaniaz nagkaroon ng malasakit sa panunumbalik sa kasulatan ng Hebreo.

3. **Tama** o Mali? Ginamit ni Zefanias ang salitang "Araw ng Panginoon" higit sa ibang mga propeta.

4. **Tama** o Mali? Di tulad ng ibang mga propeta, si Zefanias ay hindi nagbigay ng mga espirituwal at pulitikang propesiya sa mga lider ng mga tao ng Diyos..

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Alin sa "Araw ng Panginoon" higit na nagsalita si Zefanias?
    a. Ang pagkabihag sa Babilonia
    b. Ang salot sa balang
    c. Ang panghuling bahagi ng pagbabalik ng Panginoon
    d. Ang pagpapalaya ng mga bihag sa Babilonia

6. Ano ang pangunahing mensahe ni Zefanias?
    a. Ang Araw ng Panginoon ay panghuli at kapinsa-pinsala.
    b. Ang Jerusalem lang ang maaapektuhan ng Araw ng Panginoon.
    c. Araw-araw ay Araw ng Panginoon.
    d. Ang Araw ng Panginoon ay darating sa loob ng 7 taon mula ngayon.

7. Ano ang propesiya ni Zefanias sa mga sumasamba sa maling idolo?
    a. Kikilalanin ng Diyos ang kanilang katapatan sa relihiyon.
    b. Paparusahan sila ng Diyos at wawasakin ang kanilang mga idolo.
    c. Tatratuhin ng Diyos kapareho nang Kanyang pagtrato sa mga sumasamba sa Kanya lamang.
    d. Magbibigay ng maraming taon upang mapagtanto nila ang kanila kamalian.

8. Saan hinihimok ni Zefanias ang mga tao ng Diyos?
    a. Magsisi habang may panahon.
    b. Lusubin ang mga Babilonia bago pa sila magkaroon ng pagkakataon na sumalakay.
    c. Dalhin lahat ng kanilang idolo sa templo upang ipagdiwang ang iba-ibang mga relihiyon.
    d. Manalangin sa Diyos na palawakin pa ang kanilang teritoryo.

9. Ano ang ang propesiya ni Zefanias sa mga karatig bansa ng Jerusalem?
    a. Sila ay pagpapalain habang ang Judah ay isinumpa.
    b. Sila ay susumpain habang ang Judah ay pinagpapala.
    c. Sila ay dadalhin sa pagkabihag ng Judah.
    d. Sila ay hahatulan at iiwanang mag-isa.

10. Ayon kay Zefanias, alin sa mga sumusunod ang katalista sa Araw ng Panginoon? *(piliin lahat ng akma)*
    - **a. Kasaganaan sa materyal**
    - b. Sigasig
    - **c. Pagwawalang bahala**
    - **d. Paghihimagsik**
    - e. Gerang nuklear
    - **f. Di paniniwala**
    - g. Krisis sa pera
    - **h. Di pagsunod**

11. Ayon kay Zefanias, ano ang pinaka-huling kalutasan sa gobyerno?
    - a. Demokrasya
    - b. Sigasig sa pagka-makabansa
    - c. Bagong hanay ng mga namumuno upang palitan ang mga dating namumuno
    - **d. Ang pamumuno at paghahari ng Mesiyas**

12. Ano ang magiging resulta ng Araw ng Panginoon?
    - a. Pangkalahatang taggutom
    - **b. Bagong langit at bagong lupa**
    - c. Pinagbuting lipunan
    - d. Lubos na pagpatay sa lahat

Mayroon bang mga bahagi sa iyong puso na hindi pa naisuko sa Diyos? Ano ang mga ito? Ano ang nais ng Diyos na dapat mong gawin? Ano ang iyong hinahanap?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sapagkat lilikha siya ng bagong langit at bagong lupa na may katuwiran. Hingin na ikaw ay pagharian ng Diyos upang sa pagdating ni Jesus hindi ka matitinag kundi magiging bahagi ka ng Kanyang walang hanggan kaharian.

> *Kaya't huwag kayong mag-alalang baka kayo kapusin sa pagkain, inumin o damit. Hindi ba't ang mga Hentil ang nababahala tungkol sa mga bagay na iyan? Alam na ng inyong Ama na nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng iyan. Ngunit higit sa lahat ay pagsikapan ninyo na kayo'y pagharian ng Diyos at mamuhay nang ayon sa kanyang kalooban, at ibibigay niya sa inyo ang lahat ng inyong pangangailangan. Kaya nga, huwag ninyong ikabalisa ang para sa araw ng bukas; dahil ang bukas ang bahala sa sarili nito. Sapat na ang inyong mga suliranin sa bawat araw.*
>
> —Mateo 6:31-34

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Dahil sa ang Muling Pagdating ni Jesu-Cristo ay napapaloob sa mga sunod-sunod na pangyayari, ano ang kaugnayan ng Araw ng Panginoon doon sa mga pangyayaring yaon?

2. Iugnay ang aklat ng Zefanias sa pangatlong kabanata ng Ikalawang Pedro. Paano ang dalawang larawan na ito ay magkatugma sa isa't-isa?

3. Noong isinulat ni Zefanias na walang tao o hayop ang mabubuhay, paano ito maikukumpara sa mga Diskurso ni Jesus sa Bundok ng Olivo noong ipinahayag niya ang malaking pagdurusa kung saan walang mabubuhay kung hindi kikilos ang Diyos (Mateo 24)?

4. Parehong nagpahayag ng Araw ng Panginoon si Joel at si Zefanias, ikumpara at magbigay ng pagkakaiba sa kanilang paglalahad ng dakilang pangyayaring ito.

5. Tuwing ituturo ng mga Kasulatan ang Muling Pagdating at ang katapusan ng mundo, mayroon laging debosyonal at praktikal na gamit ito. Ano ang debosyonal at praktikal na gamit ng pangangaral ni Zefanias tungkol sa Araw ng Panginoon?

6. Ayon kay Zefanias, gaano kalawak ang idudulot na pagkawasak sa mundo ng pangyayaring ito?

7. Anong hadlang sa gawain ng Diyos ang tinalakay ni propeta Zefanias?

Diyos Muna

Kabanata 12
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 85

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ni propeta Hagai tungkol sa halaga ng pagkakaroon ng tamang prayoridad.

"Umasa kayong aani ng masagana ngunit kayo'y nabigo. At ang kaunting ani na iniuwi ninyo ay akin pang isinambulat. Ginawa ko iyan sa inyo sapagkat abalang-abala kayo sa pagpapaganda ng inyong mga bahay samantalang ang Templo na aking tahanan ay pinababayaan ninyong wasak. Iyan ang dahilan kaya kahit hamog ay hindi kayo napapatakan, at ang inyong mga pananim ay hindi lumalago. Matinding tagtuyot ang ipinararanas ko sa buong lupain: sa mga kabukiran at kaburulan, sa mga inaning butil, sa mga bagong alak sa lahat ng ani, sa lahat ng tao at hayop, at sa lahat ng pinagpaguran ninyo."

—Hagai 1:9-11

Si Hagai ay isa sa tatlong propeta na nangaral pagkatapos ng pagkabihag sa Babilonia. Siya ay nangaral sa unang grupong napatapon at bumalik sa Jerusalem. Natagpuan ng mga ito ang mga taong hindi natatakot sa Diyos at lubos na humahadlang sa pagpapatayo ng templo sa binalikan nilang lupain. Dahil sa panganib sa paligid nila, ang mga mamamayan ng Judah ay tumigil sa paggawa ng proyekto ng 15 taon, sa halip makasariling ginawa nila ang kani-kaniyang pamamahay. "Pag-isipan ng mabuti ang inyong mga gawi," ang sabi ni Hagai sa kanila. Sumigaw siya sa mga tao ng Diyos na tingnan nila ang kanilang mga prayoridad, makuha muli ang tamang pananaw, maganyak muli na ipagpatuloy ang kanilang misyon, at huwag matakot sa mga bansang nananakot sa kanila. Ang mga salita niya ay nagpapa-alala sa atin na ituloy ang misyon ng Diyos at kalooban Niya sa ating buhay.

1. Tama o **Mali**? Pinili ni Hagai na manatili sa Babilonia habang ang mga tao ng Diyos ay pabalik na sa Jerusalem mula sa pagkatapon.

2. **Tama** o Mali? Ang mga itinapon ay pinapayagan na bumalik sa Jerusalem noong nasakop ng Medes at Persya ang Babilonia.

3. **Tama** o Mali? Ang pag-uusig at babala ay nagpapagulo sa mga anak ng Diyos upang magawa nila ang kanilang misyon.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang itsura ng mamamayan ng Judah noong bumalik sila mula sa pagkatapon?
    a. Malakas at makapangyarihan
    b. Mayaman at tamad
    c. Mahirap at gusgusin
    d. Kamukha ng mga Babilonia

5. Ano ang pangunahing layunin ng naunang bumalik mula sa pagkatapon?
    a. Upang itayo muli ang templo
    b. Upang alisin ang mga taong di maka-diyos sa Lupang Pangako
    c. Upang gawing malakas na lungsod ang Jerusalem'
    d. Upang tumakas sa galit ng Persya

6. Ano ang tanging reaksyon ng mga nakatira sa lupain noong bumalik ang mga Hudyo mula sa Babilonia?
    a. Tinanggap sila ng masaya.
    b. Nagipon sila ng mga armas at mandirigma upang labanan sila.
    c. Natakot at lumayas sila.
    d. Tinakot sila at inusig

7. Ano ang reaksyon ng mga Hudyong bumalik sa kanilang mga kalaban?
    a. Tumigil sila sa pagtatayo ng templo.
    b. Nakipaglaban ng matapang sa kanilang mga kalaban.
    c. Nawala sa kanila ang sigasig at lakas loob.
    d. Itinuon ang pansin sa paggawa ng kanilang sari-sariling bahay.
    e. Pinuri nila ang Diyos sa pagkakataon na maipakita ang kanilang pananampalataya.
    f. Kinalimutan nila ang nakaraan at nagpatuloy sa pangitain ng panghinaharap.

8. Alin sa mga sumusunod ang magandang buod sa mensahe ni Hagai?
    a. Paghatol sa hinaharap
    b. Nakalipas na pagkakasala
    c. Diyos muna
    d. maghintay

9. Ano ang ginawa ng Diyos upang turuan ang Kanyang mga tao na huwag unahin ang kanilang sarili o ang iba bago Siya?
    a. Kaagad na Ibinalik uli sila sa pagkabihag.
    b. Pinabayaan sila sa kalagayang paghihikahos o paghihirap hangga't hindi Siya ginawang una sa kanilang buhay.
    c. Nagpadala Siya ng salot sa kanila.
    d. Lubusang iniwan na sila.

10. Ano ang naging tugon ng mga tao sa pangangaral ni Hagai?
    a. Hindi siya pinansin.
    b. Binato siya.
    c. Nagsisi sila, inayos nila ang kanilang mga prayoridad, at nagsimula silang gumawa muli sa templo.
    d. Ang kanilang mga puso ay nanibugho at iniwan ang Diyos.

11. Ano ang pangako ng Diyos kapag inayos ng mga tao ang kanilang mga prayoridad?
    a. Pagpapalain sila ng marami.
    b. Bibigyan sila nang kapangyarihan, kayamanan, at kalusugan na gusto nila.
    c. Sasabihin sa kanila gaano kaganda ang ginagawa nila.
    d. Babawasan ang tindi ng kanilang parusa.

Paano ipinapakita ng iyong panahon, pera, kakayahan at talento ang iyong mga pagpapahalaga? Mayroon bang mas mahalaga sa iyo kaysa sa kaharian ng Diyos? Kung meron, ano ito? Ano ang maaaari mong gawin upang makapagbigay ka ng mas maraming prayoridad sa Diyos?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sapagkat mahal Niya tayong lubos upang ituro sa atin ano ang mahalaga sa buhay. Hingin sa Kanya na tulungan ka na unahin Siya kaysa sa iba at tulungan ka na maging mabuting katiwala sa mga regalo Niya sa iyo. Hingin sa Kanya na tulungan ka na mabuhay ayon sa Kanyang mga prayoridad at hindi ayon sa iyong mga makasariling kagustuhan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa pangaral ni Hagai na *"Tingnan ang inyong mga gawi,"* anong gawi o pamamaraan sa buhay nila ang nais niyang ipakita sa mga tao?

2. Sa pangaral ni Hagai na *"Tignan ang Aking mga gawi,"* anong gawi o pamamaraan ng Diyos ang nais niyang ipakita sa mga tao?

3. Paano mo magagamit ang mabigat na katotohanan na ayon sa propetang ito, ang paraan ng paggamit nila sa kanilang panahon, talento, at pera ay para sa kanilang mga bahay at hindi sa bahay ng Diyos, sino ang una sa kanilang mga buhay?

4. Kaya mo bang magamit sa iyong sarili ang mga paraan ng Diyos na inilalarawan ni Hagai na parang naglalagay sa butas na medyas o winawaldas ang mga pera kapag kanilang ginagamit upang ikalat at paikutin?

5. Sa talata 11 at unang kabanata, sinabi ni Hagai na kung minsan ang Diyos ay nagpapadala ng tagtuyot sa tao gayundin naman sa pag-ani. Kung nagkaroon ka na nang tagtuyot na kayang ipaliwanag ng talatang ito, isalarawan mo ito.

6. Sa anong iba pang paraan mo magagamit ang mensahe na ito ng propeta?

7. Anong hadlang sa gawain ng Diyos ang tinalakay ni propeta Hagai?

Ipokus Mo Ang Iyong Pananampalataya

Kabanata 13
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 86

Layunin: Upang matutunan mula kay Hagai kung paano talunin ang takot upang magawa ang gawain ng Diyos na may malakas ng loob at sigasig.

Hindi na magtatagal at yayanigin ko ang langit at ang daigdig, ang lupa at ang dagat. Yayanigin ko ang mga bansa at dadalhin ko dito ang kanilang mga kayamanan. Ang Templong ito ay mapupuno ng kanilang mga kayamanan sapagkat ang lahat ng pilak at ginto sa buong daigdig ay akin. Dahil dito, ang bagong Templo ay magiging higit na maganda kaysa doon sa nauna, at sa bagong Templong ito ay mahahayag ang kasaganaan at katiwasayang ipagkakaloob ko sa aking sambayanan." Ganito ang sabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat.

—Hagai 2:6-9

Ipagkatiwala ninyo sa kanya ang inyong mga alalahanin sa buhay sapagkat siya ay nagmamalasakit sa inyo.

—1 Pedro 5:7

Ipinapakita ni propeta Hagai kung paano natin ilalagay sa tamang prayoridad ang ating buhay. Sa mga dumaranas ng tagtuyot sa espirituwal o nakikita na ang kanilang gawain ay hindi pinagpapala ng Diyos, sinabi ni Hagai "Tingnan mo ang iyong mga gawa" at "Tingnan mo ang gawa ng Diyos." Nais ng Diyos na mag-pokus tayo sa Kanyang gawain ngayon at ang mga plano Niya sa hinaharap. Kailangang mailagay ang ating pananampalataya sa pagaayos ng ating mga prayoridad, ating mga pananaw, ating mga motibo, at ating mga takot.

1. Tama o **Mali**? Ayon kay Hagai, walang epekto ang pananampalataya natin sa ating buhay.

2. **Tama** o Mali? Ang karaniwang ginagawa natin bilang mga tao ay hinahayaan natin ang ating nakaraan na magdulot ng negatibong bagay sa ating buhay ngayon.

3. Tama o **Mali**? Nais ng Diyos na matutunan natin ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng pagkukumpara ng ating sarili sa ibang tao at maging katulad nila.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Paano tayo hinahadlangan ni Satanas na matanggap natin ang pinaka-mabuti mula sa Diyos? *(piliin lahat ng akma)*
    - **a. Tinutukso tayo na gumawa ng masamang bagay.**
    - **b. Tinutukso tayo ng magandang bagay imbis ang pinaka magandang bagay.**
    - **c. Sinusubukan niyang mawalan tayo ng loob.**
    - **d. Sinusubukan niyang guluhin tayo.**
    - **e. Sinusubukan niyang ipokus ang ating atensiyon sa nakaraan at panghihinayang.**

5. Ano ang pinaka importanteng aspeto ng templo na itinatayo ng mga tao ng Diyos?
    - a. Ang kanyang ginto at pilak
    - b. Ang bato na siyang pundasyon
    - c. Ang sukat nito
    - **d. Ang espirituwal na halaga nito bilang isang lugar na napupuno ng kaluwalhatian ng Diyos.**

6. Bakit hindi pinagpala ng Diyos ang pagtatayo ng templo sa umpisa?
    - a. Hindi sapat ang mga ginto ginamit ng mga tao.
    - **b. Ang motibo ng mga tao ay may halong makasalanang pag-uugali.**
    - c. Nais Niya na maghintay pa sila ng kaunti.
    - d. Hindi Niya naisip na kailangan Niya ng templo.

7. Paano pinalakas ni Hagai ang loob ng mga taong nagtatayo ng templo?
    - **a. Siniguro sa kanila na pagpapalain ng Diyos ang kanilang gawain dahil sa kanilang pagsisisi.**
    - b. Binigyan sila ng babala na parurusahan sila ng Diyos ng matindi kung sila ay titigil at magpapahinga.
    - c. Sinulsulan sila ng ginto at pilak.
    - d. Sinabi sa kanila na pagpapalain sila ng Diyos kung maghahandog sila ng 1,000 hayop.

8. Paano tayo magiging banal?
    - a. Maging malapit sa mga banal na tao at banal na mga lugar
    - b. Magsuot ng banal na agimat
    - c. Pumunta sa templo o simbahan araw-araw
    - **d. Sa biyaya ng Diyos habang inihiwalay natin ang ating sarili sa Kanya**

9. Ano ang epekto ng pananampalataya sa ating mga pagkatakot?
    a. Ito ang nagiging dahilan upang mag-pokus tayo sa Diyos at sa Kanyang plano.
    b. Ito ang nagiging dahilan upang matakot tayo sa poot ng Diyos at sundin Siya bilang alipin.
    c. Pinapalaki ang ating takot sa giyera at krisis sa lipunan.
    d. Ginagawa tayong maka-diyos na di na tayo takot sa ano man.

10. Sino ang tanging tinutukoy ni Hagai sa kanyang pangangaral?
    a. Ang malalapit niyang mga kaibigan
    b. Ang umaapi sa mga tao ng Diyos
    c. Ang mga namumuno sa bansa
    d. Ang mga manggagawa sa pagtatayo ng templo

Pinagpapala ba ng Diyos ang iyong gawain? Ano ang mga motibo mo sa paglilingkod sa Diyos? Pinaglilingkuran mo ba Siya dahil ito ay tama at dahil mahal mo siya? Pag napansin mo na mayroon kang makasariling motibo, ano ang maaari mong gawin upang mawala ang mga ito?

_____

_____

_____

Mga minamahal, mag-ibigan tayo sapagkat mula sa Diyos ang pag-ibig… sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. Inihayag ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang isugo niya sa mundo ang kanyang kaisa-isang Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan niya. Walang kasamang takot ang pag-ibig at pinapawi ng ganap na pag-ibig ang anumang pagkatakot. Hindi pa ganap ang pag-ibig ng sinumang natatakot, sapagkat ang takot ay kaugnay ng parusa.

—1 Juan 4:7-10, 18

Pasalamatan ang Diyos sapagkat mas makapangyarihan Siya kaysa anumang problema o pagbabanta na mararanasan natin. Hingin na palitan Niya ang iyong takot ng pananampalataya at tulungan ka na mahalin Siya at paglingkuran Siya na may matapat na puso.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano magagamit ang pangangaral ni Hagai na hinamon ang mga tao na palitan ang kanilang takot ng pananampalataya?

2. Paano magagamit ang mensahe ni Hagai na ibinigay sa mga tao, na mapagtagumpayan ang kanilang kawalan ng loob dahil ang pundasyon ng pangalawang templo ay bale wala ikumpara sa kaluwalhatian ng naunang Templo?

3. Paano mo personal na magagamit ang sermon ni Hagai sa propesiya niya tungkol sa pag-yugyog ng Diyos sa lahat hanggang sa matira na lamang ay ang hindi mayugyog? (Hagai 2:6-7).

4. Kung titingnan mo ang iyong mga prayoridad na parang “bull’s-eye” at ang mga bilog na nakapalibot dito, ano ang hitsura ng iyong prayoridad, base sa unang mensahe ng dakilang propetang ito?

5. Paano mo magagamit na personal ang mensahe ni Hagai na sinasabi sa atin na napakadaling lumaganap ang kasalanan o sakit, ikumpara sa paglaganap ng pagiging banal, o pagiging espirituwal.

6. Anong ebidensiya ang nagapapakita na si Hagai ay tunay na makapangyarihan at mapanghikayat na mangangaral ayon sa dalawang maiikling kabanata?

7. Paano nagsisilbing huwaran si Hagai bilang propeta na tumatalakay sa mga handlang sa gawain ng Diyos upang magpatuloy ang gawain ng Diyos mula bilang resulta ng kanyang pangangaral?

Ang Pahayag Ngayon

Kabanata 14
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 87

Layunin: Upang ipakilala ang mensahe at ministeryo ni propeta Zacarias.

"Ipinasabi niya sa mga taga-Juda, "Labis akong napoot sa inyong mga ninuno. Kaya't sabihin mo sa kanilang ipinapasabi ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat, 'Manumbalik kayo sa akin at kakalingain ko kayo."

—Zacarias 1:2-3

Lumapit kayo sa Diyos at lalapit siya sa inyo.

—Santiago 4:8

Ang aklat ng Zacarias ay naglalaman ng walong pangitain na nakita ng propeta at ibinahagi sa mga pinatapon at nakabalik na sa Jerusalem. Naniniwala siya na ang mga nakaligtas sa pagkabihag ay nangangailangan ng pangitain mula sa makapangyarihang Diyos na kikilos upang ipagtanggol sila, makikipaglaban para sa kanila, maitatag ang kanyang mga pangako, at pagpapalain sila. Ito kanyang pangunahing mensahe: kapag ang mga tao ay bumalik sa Diyos, babalikan sila ng Diyos. Sa pamamagitan ng pangangaral ni Zacarias, ang Diyos ay tumatawag sa Kanyang mga tao na hindi lamang bumalik sa lungsod o sa templo kundi sa kanilang espirituwal na "sariling bayan" na siyang pagbabalik ng relasyon sa Kaniya. Ang Zacarias ay isa sa mga importanteng aklat ng mga propeta, na naglalaman ng mas detalyeng propesiya tungkol sa pagdating ng Mesiyas higit sa alin mang aklat maliban kay Isaias. Ang propesiya ni Zacarias ay tungkol sa pagbibigay ng Diyos ng Kanyang Espiritu at pagpapala magpakailan man sa kanyang mga tao.

1. **Tama** o Mali? Si Zacarias ay mas bata kay Hagai, ngunit sila ay nangaral halos sa parehong panahon.

2. **Tama** o Mali? Tulad ni Hagai, si Zacarias ay nagmalasakit din sa pagtatayo ng templo.

3. **Tama** o Mali? Ang mga ipinatapon at nakabalik na sa Jerusalem ay mababa ang moral at kakaunti ang pag-asa.

4. Tama o **Mali**? Ang pangalang Zacariaz ay di pangkaraniwang pangalan sa Biblia.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang kahulugan ng pangalang "Zacarias?"
    a. Ang Diyos ay humahatol
    b. Ang Diyos ay ma-alalahanin
    c. Ang Diyos ay nagpapabaya
    d. Puno ng saya

6. Alin sa mga pahayag na ito ang makikita ng 53 beses sa aklat ni Zacarias?
    a. "The Lord Almighty" (Panginoong Makapangyarihan sa Lahat)
    b. "Not My people" (Hindi Ko mga tao)
    c. "Sins of the fathers" (Kasalanan ng mga ama)
    d. "By My Spirit" (Sa Aking Espiritu)

7. Alin sa mga susunod na mga salita ang gagamitin mo para ilarawan ang bawat propeta?

Hagai:

(Pragmatiko, maasahan, diretso, maikli,

_____

nagbibigay pag-asa, madaling maunawaan)

_____

Zacarias:

(mapangitain, maasahan, pampanitikan,

_____

Messianic, nakasisigla, mahirap maunawaan)

_____

Pragmatiko
Mapangitain
Maasahan
Diretso
Pampanitikan
Maikli
Nagbibigay pag-asa
Messianic
Nakasisigla
Madaling maunawaan
Mahirap maunawaan

8. Ano ang naramdadaman ng mga mamamayan sa Jerusalem sa napakahirap na sitwasyon nila?
    a. Malakas ang loob
    b. Maasahin sa mabuti
    c. Nasiraan ng loob
    d. Galit

9. Kanino nakikipagusap ang Diyos?
    a. Mga propeta lang
    b. Mga saserdote lang
    c. Hukbo nga mga anghel lang
    d. Sa lahat ng Kanyang mga tao, kung makikinig sila.

10. Paano naging makahulugan ang pangitain ni Zacarias sa mga tao?
    a. Nagbigay ito ng tagubulin sa mga nagdisenyo ng templo.
    b. Tinalakay ang mahihirap na problema ng mga tao.
    c. Nagbigay ito ng istratehiya upang magapi ang kanilang mga kalaban.
    d. Binigyan ng kakayahan ang mga tao na makatakas sa kanilang mga paghihirap.

Mayroon ka bang problema na nagpapahina ng iyong loob? Ano ang naitutulong ng kaalaman na ang Diyos ay kumikilos ng di mo alam upang mapagtiisan mo ang kahirapan sa problema? Sa anong paraan pinalalakas ng Diyos ang iyong loob upang magpatuloy? Paano mo mapapalakas ang iba na humaharap sa paghihirap?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos at nakikipagusap siya sa Kanyang mga tao at pinapalakas ang ating loob kapag tayo ay nasisiraan ng loob. Idalangin sa kanya na turuan kang mag depende sa lakas ng Kanyang Espiritu sa lahat ng iyong gagawin. Idalangin na tulungan kang maunawaan paano Siya kumikilos sa iyong buhay at bigyan ka ng pananampalataya upang magtiwala sa Kanya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bagama't magkasama sa gawain at magkatambal si Zacarias at Hagai, sa anong mga paraan sila magkaiba?

2. Tulad ni Ezra at Nehemias, paano ang kanilang pagkakaiba ay nakakatulong at nagpapakumpleto sa bawat isa sa kanila? ("Kung tayong dalawa ay eksaktong magkapareho isa sa atin ay hindi kailangan!" –Dick Woodward)

3. Ano ang paraan ng pangangaral at anong uri ng panitikan ang ginamit ni Zacarias?

4. Anong istratehiya ang ginamit ni Zacarias upang tawagin ang mga tao ng Diyos na manumbalik sa kanilang relasyon sa Diyos?

5. Sa kontekstong iyon, bakit tinukoy niya na "Sanga" ang Mesiyas? *(Isaalang-alang ang Juan 14:6)*

6. Ano ang isa sa dakilang tema sa kabanatang 14 ng Zacarias na nagsasabi na siya ay pangalawang propeta lamang na sumunod kay Isaias?

7. Anong hadlang sa gawain ng Diyos ang tinalakay ni propeta Zacarias?

Kung Ano Ang Nakikita Mo
Iyon Din Ang Makukuha Mo

Kabanata 15
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 88

Layunin: Upang maunawaan ang konteksto at mensahe ng pangitain ni Zacarias.

"Sinabi pa ni Yahweh, "Umawit ka sa kagalakan, bayan ng Zion, sapagkat maninirahan na ako sa inyong kalagitnaan." Sa araw na iyon, maraming bansa ang sama-samang magpupuri kay Yahweh at pasasakop sa kanya. Siya'y maninirahan sa inyong kalagitnaan. Sa gayon, malalaman ninyong isinugo ako ni Yahweh na Makapangyarihan sa lahat."

—Zacarias 2:10-11

"Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo."

—Zacarias 4:6

Nagbigay ng walong pangitain ang Diyos kay Zacarias upang pasiglahin at palakasin ang mga tao na nawalan ng lakas at nasiraan ng loob. Ang mga pinatapon, ngayon ay bumalik na sa Jerusalem na kakaunti ang armas, maraming kalaban, at napakalaki ng gawaing hinaharap nila. Nakatuon sila sa mga problema at hindi nila makita paano nila maitatayo ang templo sa gitna ng napakaraming hadlang sa harap nila. Ngunit sa pangitain ni Zacarias, inalis ang tabing at ipinakita kung paano ang Diyos mismo ang kumikilos upang maabot ang Kanyang layunin. Ang kanyang propesiya ay nagbigay ng pag-asa at lakas sa mga tao ng Diyos.

1. **Tama** o Mali? Magagawa lahat ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan upang malutas ang ating mga problema at tulungan tayo na lumago sa pamamagitan nito.

2. Tama o **Mali**? Kahit na si propeta Zacarias ay hindi makita ang Diyos na gumagawa sa likod ng tabing.

3. **Tama** o Mali? Ang pananampalataya ay ang katibayan ng mga bagay na hindi nakikita.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang pinanggagalingan ng kalakasan ng mga tao ng Diyos?
    a. Ang kanilang sariling lakas ng loob
    b. Ang pagsustento ng gobyerno
    c. Mga salitang nagpapa-lakas ng loob
    d. Ang Espiritu ng Diyos

5. Ano ang importanteng dapat makita ng mga naglilingkod sa Diyos sa Kanya?
    a. Kapag nakita natin kung gaano ang Kanyang kapangyarihan, at matuto na magtiwala sa Kanyang lakas.
    b. Makita na ginagawa tayo ng Diyos na mas mataas kaysa sa iba.
    c. Ang makakita sa Kanya ay di na muling makikita ang kanilang mga kalaban.
    d. Hindi natin Siya puwedeng makita dahil hindi Niya ipinapahayag ang Kanyang sarili.

6. Ano ang normal na gawi ni Zacarias sa pagpapahayag ng kaniyang mga pangitain?
    a. Ipinapaliwanag niya ang mga ito sa salitang hindi maintindihan.
    b. Isinulat niya ang mga ito at ipinadala sa mga saserdote lamang.
    c. Nagpokus siya sa problema at binuksan niya ang tabing upang ipakita ang Diyos na gumagawa sa problema.
    d. Nagpokus siya sa Diyos at sinabi niya sa mga tao na maging espirituwal upang parehong makita ang pangitain.

7. Ano ang ginagawa ng Diyos kapag ang Kanyang mga tao ay wala sa lugar na nais Niya?
    a. Sinisisi lamang sila sa mga kaguluhang pinagmulan nila.
    b. Kaya Niyang iligtas at dalhin sila sa tamang lugar.
    c. Sumuko na Siya sa kanila at pipili na lamang ng iba.
    d. Sinasabi sa kanila na na-aalala nila ang pagkakataon at di na kailan man maibabalik.

8. Ano ang layunin ng unang pangitain ni Zacarias?
    a. Upang pagalawin ang mga tao ng Diyos sa pagharap sa labanan
    b. Upang palakasin ang loob ng mga tao ng Diyos sa panahon ng paglipat
    c. Upang ipakita sa mga tao ng Diyos ang labis na panganib kung saan sila naroon
    d. Upang ituro aling kautusan ng Diyos ang kanilang nilabag

9. Ano ang mensaheng ibinigay ng Diyos sa Kanyang mga tao sa pangitain ni Zacarias na apat na sungay?
    a. Na magiging makapangyarihan sila higit sa apat na bansa.
    b. Na magiging kawan sila ng baka at tupa.
    c. Na ilalagay sila sa pagitan ng apat na bundok.
    d. Na Kanyang ipapatapon ang makapangyarihang bansa na nagpakalat sa Judah.

10. Ano ang propesiya ni Zacarias sa hinaharap ng Jerusalem?
    a. Na magiging dakila ito at di na kailangan ang pader.
    b. Na balang araw ay masasakop ito at di na muling maibabalik kailan man.
    c. Na pangungunahan ito ni Zacarias mismo.
    d. Na tanging mga taong nakatira sa Jerusalem ang maliligtas lamang.

11. Paano sinisira ni Satanas ang loob ng mga nagbalik mula sa pagkatapon?
    a. Tinukso niya na kumain sila sa pinagbabawal na mga puno.
    b. Inakusahan ang punong saserdote na may bahid pa nang kasalanan.
    c. Nagpapadala siya ng maraming hukbo upang takutin at sirain sila.
    d. Nagpadala siya ng salot ng taggutom sa lupa.

> *Ang Panginoon ang aking kalakasan at kalasag; ang aking puso ay tumiwala sa kanya at ako'y nasaklolohan: kaya't ang aking puso ay nagagalak na mainam; at aking pupurihan siya ng aking mga awit.*
>
> Mga Awit 28:7

12. Ano ang mensahe ng lumilipad na balumbon?
    a. Mahirap maintindihan ang Salita ng Diyos.
    b. Ang Biblia ay kahima-himalang aklat.
    c. Alam ng Diyos ang kasamaan at Kanya itong haharapin.
    d. Ipapadala ng Diyos ang Kanyang Salita sa mga nangangailangan nito.

Anong sitwasyon sa iyong buhay na napakahirap harapin? Saan nais ng Diyos na umasa ka para sa iyong kalakasan? Ano ang sinasabi ng Kanyang Salita para palakasin ang loob mo?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos na lagi Siyang gumagawa sa iyong buhay, bagama't hindi mo ito nakikita na Kanyang ginagawa. Hingin na ipakita pa sa iyo ang Kanyang kapangyarihan at Kanyang mga pangako.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano magagamit sa debosyonal at praktikal na buhay ang estilo ng panitikang ginamit ni Zacarias noong nag-pokus siya sa problema at pagkatapos hinawi niya ang tabing upang ipakita na ang Diyos ay gumagawa sa likod ng eksena ng problema upang magbigay ng solusyon?

2. Paano mo gagamitin ang unang pangitain ni Zacarias, na nagpapakita na ang Diyos ay gumagawa sa likod ng eksena upang tulungan ang Kanyang mga tao sa mahirap na panahon ng paglipat?

3. Alin sa walong propesiya ni Zacarias ay sa tingin mo ay mas mahalaga sa iyo at bakit?

4. Kung tinalakay na ni Hagai ang parehong problema upang tapusin ang pagtatayo sa templo, bakit naniwala si Zacarias na parehong hadlang ang kailangan pang talakayin muli?

5. Sa paanong paraan na ang kanyang mensahe at pamamaraan ay kaiba kaysa kay Hagai?

6. Bakit ang propesiya tungkol sa Mesiyas ni Zacarias ay higit pa kaysa sa ibang mga propeta maliban kay Isaias?

7. Ano ang sangkap sa patnubay ni Zacarias sa mga walang lakas sa militar na mga tao ng Diyos o armas man lang upang ipagtanggol ang kanilang mga sarili? *(Isaalang-alang ang 4:6)*

Pagsagot ng Patanong

Kabanata 16
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 89

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ng aklat ng Malakias.

"At sila'y magiging akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, sa araw na aking gawin, sa makatuwid baga'y isang tanging kayamanan; at akin silang kaaawaan, na gaya ng isang tao na naaawa sa kaniyang anak na naglilingkod sa kaniya. Kung magkagayo'y manunumbalik kayo at makikilala ninyo ang matuwid at ang masama, yaong naglilingkod sa Dios at yaong hindi naglilingkod sa kaniya."

—Malakias 3:17-18

Si Malakias ang huling propeta sa Lumang Tipan. Siya ay nangaral pagkatapos ng panahon ni Nehemias, noong ang mga tao ng Diyos ay mayroong anyo ng relihiyon ngunit walang sangkap at katotohanan ng relasyon ng Diyos. Ang problema ay mayroon silang relihiyon ngunit walang relasyon. Ang pinakapuso ng mensahe ni Malakias ay ang pagnanasa ng Diyos na magkaroon ng relasyon na may pagmamahal sa Kanyang mga tao, ngunit ang mga saserdote at mga mamamayan ng Judah ay hindi interesado sa kaalaman at pagmamahal sa Diyos. Ginawa nila ang mga ritwal na inisip nila na iniutos ng Diyos, ngunit sila ay malamig at walang pakialam sa espirituwal. Tulad ni Hosea, naniniwala si Malakias na ang mga tao ng Diyos ay nangangalunya sa espirituwal sa mundong ito. Siya ay naging mensahero ng pagsisisi upang dalhin ang mga tao ng Diyos pabalik sa Kanya. Ang propesiya niya ay babala sa mga espirituwal na lider ng mamamayan ng Judah na ang panlabas na anyo ng pagiging relihiyoso na hungkad sa buhay na panloob ng tunay na pananampalataya ay malayo sa ninanais ng Diyos na maganap.

1. **Tama** o Mali? Nagpropesiya si Malakias halos 100 taon pagkatapos ni Hagai at Zacarais.

2. **Tama** o Mali? Parehong mga problema ang tinalakay ni Nehemias at Malakias.

3. Tama o **Mali**? Pagkatapos bumalik ng mga Hudyo mula sa Babilonia, bumalik sila sa pagsamba sa idolo at imoralidad na kanilang ginawa bago ang pagkabihag.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang pangunahing espirituwal na problema ng mga Hudyo sa panahon ni Malakias?
    a. Pagsamba sa mga idolo
    b. Sobrang pagka imoralidad
    c. Pagtalikod sa Diyos (apostasy)
    d. Maling katuruan (Heresy)

5. Ayon sa panitikang estilo ni Malakias, paano tumugon ang mga tao sa kanyang mensahe?
    a. Sumagot sila ng pabalang o nakipagtalo sa kaniya.
    b. Tinanggap lahat ng sinabi niya.
    c. Nalungkot sila sa kanilang mga kasalanan.
    d. Kumuha sila ng mga bato at ipinukol sa kanya.

6. Ano ang unang mensahe sa aklat ng Malakias?
    a. Mahal ng Diyos ang Kanyang mga tao.
    b. Galit pa rin ang Diyos.
    c. Walang pakialam ang Diyos kung sino o paano tayo sumamba sa kanya.
    d. Ibabagsak ng Judah ang gobyerno ng Persya.

7. Bakit mahalaga na malaman natin na mahal tayo ng Diyos?
    a. Kung alam natin ang Kanyang pag-ibig, hindi tayo magkakasala.
    b. Kung alam natin ang Kanyang pag-ibig, hindi Niya tayo didisiplinahan.
    c. Kung alam natin ang Kanyang pag-ibig, magiging mayaman at maimpluwensiya tayo.
    d. Kung wala ang kanyang pag-ibig, wala tayong pag-asa.

8. Paano dinungisan ng mga tao sa Judah ang pangalan ng Panginoon?
    a. Sinabi sa ibang mga bansa na minaltrato sila ng Diyos.
    b. Nag-alay sila ng hindi karapatdapat na mga handog at sakripisyo sa Diyos.
    c. Itinuro sa kanilang mga anak na walang Diyos.
    d. Sinabi nila na si Abraham ang kanilang ama at hindi ang Diyos.

9. Ano ang nararamdaman ng Diyos tungkol sa diborsyo?
    a. Galit siya rito dahil salungat ito sa Kanyang plano sa mag-asawa at mga anak.
    b. Nasisiyahan siya rito pag tayo ay nagpalit ng kapareha dahil nais niya na maging masaya tayo.
    c. Sobra ang galit Niya rito na hindi Niya mapapatawad ang sinomang nagdiborsyo

d. Mas nais niya na magkaroon tayo ng karagdagang asawa kaysa sa palitan ang dati nating asawa.

10. Paano naging posibleng nakawan ang Diyos?
    a. Kapag kumuha tayo ng bagay sa templo
    b. Kapag kinain natin ang hayop na inihandog sa Kanya
    c. Kapag hindi natin binigay ang ikapu at handog na dapat sa Kanya
    d. Kapag nagnakaw tayo ng Biblia

> *Mga minamahal, dahil ganoon kadakila ang pag-ibig ng Diyos sa atin, dapat din tayong magmahalan.*
> 1 Juan 4:11

Sa palagay mo, gaano mo alam ang pag-ibig ng Diyos? Naniniwala ka ba na kilala Ka niya ng lubusan? Bakit o bakit hindi? Ano ang halaga ng kaalaman mo sa pag-ibig ng Diyos sa iyong pamumuhay?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na ganap ka Niyang kilala at mahal ka Niya ng lubusan. Hingin na makita mo ng lubusan ang Kanyang pag-ibig at bigyan ka Niya ng pagkakataon na ibahagi ang Kanyang pag-ibig sa iba. Hingin sa Diyos na ilayo ka sa mga ritwal na walang katotohanang relasyon sa Kanya, at tulungan ka na sambahin Siya sa espiritu at katotohanan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Anong uri ng panitikan ang propeta Malakias?

2. Sa paanonong paraan tinalakay ni propeta Malakias at ng dakilang lider na si Nehemias ang parehong mga problema ng mga tao ng Diyos?

3. Ano ang pambungad at pangunahing mensahe ni propeta Malakias?

4. Ano ang naging tugon ng mga tao ng Diyos sa kanyang mensahe, at paano tumugon si Malakias sa kanilang pagtugon?

5. Kung naniniwala ka na mahal ka ng Makapangyarihang Diyos, paano mo alam na ito ay totoo?

6. Ano ang nararamdaman ng Diyos tungkol sa diborsyo at bakit ganon ang Kanyang pakiramdam?

7. Anong hadlang sa gawain ng Diyos ang tinalakay ni propeta Malakias?

Pitong Hakbang Para Sa Espirituwal na Pagkahapo

Kabanata 17
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 90

Layunin: Upang maunawaan ang sintomas sa puso na hindi na nagmamahal sa Diyos at paano bumalik sa Kanya.

Inibig ko na kayo noong una pa man, subalit sinasabi naman ninyo, 'Paano ninyo ipinakita ang inyong pag-ibig sa amin?' Hindi ba't magkapatid sina Esau at Jacob ngunit minahal ko si Jacob at ang kanyang mga salinlahi. Darating ang araw na gaya ng isang nagbabagang hurno… Ngunit sa inyo na nagpaparangal sa akin ay sisikat ang aking katarungan na tulad ng araw, at ang sinag nito'y magpapagaling sa inyo. Lulundag kayo sa tuwa na parang mga guyang pinalaya sa kulungan.

—Malakias 1:2, 4:1-2

Ngunit magpakatatag kayo, mga minamahal, sa inyong napakabanal na pananampalataya. Manalangin kayo sa tulong ng Espiritu Santo. Manatili kayo sa pag-ibig ng Diyos habang naghihintay kayo sa ating Panginoong Jesu-Cristo na magkakaloob sa inyo ng buhay na walang hanggan dahil sa kanyang habag sa atin.

—Judas 20-21

Ang uri ng panitikan ng Malakias ay tanong-at-sagot, ang propeta ay gumawa ng makatotohanang pahayag, sinipi ang argumento ng mga tao, pagkatapos ay sinagot ang argumento sa pamamagitan ng pagpapaliwanag. Mayroong pitong halimbawa ang mga tao ng Diyos na sumagot ng pabalang kay Malakias. Ang pitong diyalogo ay maaaring tawaging, "Pitong Bulong ng Pusong Nanlalamig sa Diyos," dahil inilalarawan ang sintomas ng mga tao na nawalan ng pagmamahal sa Diyos. Ang misyon ni Malakias ay ibalik ang relasyon na ito. Nagtapos ang aklat sa pagsasabi sa atin na naabot ni Malakias ang kanyang layunin dahil ang mga tao ng Diyos ay nagsisi sa kanilang pagwawalang-bahala.

Itinala rin sa huling kabanata ng Lumang Tipan ang tugon ng Diyos sa pagsisisi at pagbabalik loob ng Kanyang mga tao. Ipinakilala sa Malakias ang Muling Pagdating ni Cristo, kung saan ang Anak ay babangon na may pagpapagaling sa Kanyang mga pakpak para sa mga matatapat, ngunit mabagsik na paghatol sa mga malalamig ang puso. Kanya ring ipinakilala si Juan Bautista, ang propetang darating bago dumating si Jesus upang ipakilala Siya bilang Mesiyas.

1. **Tama** o Mali? Ang mensahe ni Malakias ay tumutukoy sa pangunahing pagkakaiba sa espirituwal.

2. Tama o **Mali**? Ang kabaligtaran ng pag-ibig ay laging galit. **(Ang kabaligtaran ay walang pakialam o di nababahala)**

3. Tama o **Mali**? Higit na interesado ang Diyos kung paano tayo kumilos kaysa gaano natin Siya kakilala at kamahal.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Paano nagsisimula ang kalamigan sa espirituwal?
    a. Sa lantarang pagsamba sa idolo.
    b. Sa mahabang sermon
    c. Sa mga manloloko na nangangaral ng kasinungalingan
    d. Sa kawalan ng pagsamba

5. Alin sa mga sumusunod ang katibayan sa pusong kaiba sa Diyos? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Mapagkumbaba
    b. Paglilingkod sa iba
    c. Pagdududa sa pag-ibig ng Diyos
    d. Kulang ng motibasyon sa gawain ng Diyos
    e. Nasirang pangako sa mga tao
    f. Kawalan ng tiyakang moralidad
    g. Hindi tapat sa pananalapi
    h. Pagtalikod sa pananampalataya
    i. Maling katuruan

6. Kailan dapat maging matapat ang mag-asawa sa bawat isa?
    a. Kapag lamang nararamdaman nila na mahal nila ang bawat isa
    b. Kapag lamang maayos ang nangyayari sa buhay nila
    c. Kapag lamang ang kanilang mga anak ay mababait
    d. Sa lahat ng pagkakataon

7. Alin sa mga sumusunod ang mga tiyakang katotohanan—mga bagay na totoo sa lahat ng tao—ayon sa Diyos? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang Biblia
    b. Tradisyon sa kultura
    c. Moralidad
    d. Pag-ibig ng Diyos
    e. Dulot ng kasalanan
    f. Pagpipili ng tamang pagkain

8. Alin sa mga sumusunod ang sinabing pinaka ayaw ng Diyos?
    a. Pagkakamaling hindi sinasadya
    b. Kakulangan sa pangunawa
    c. Pagmamalaki

d. kahinaan

9. Paano nagtapos ang aklat ng Malakias?
    a. Sa pagkasira ng Jerusalem
    b. Sa propesiya tungkol sa Mesiyas
    c. Sa pagtatalaga sa bagong templo
    d. Sa mga ninuno ni Jesus

10. Sino ang ibang tauhan sa Bagong Tipan ang tinukoy ni Malakias sa kanyang propesiya?
    a. Si apostol Pablo
    b. Dakilang Herodes
    c. Juan Bautista
    d. Mateo

Paano mo ilalarawan ang antas ng pag-ibig ng Diyos sa iyo? Ano ang antas ng pag-ibig mo sa Diyos? Ano ang mga bagay na maaari mong gawin upang maragdagan ang pag-ibig mo sa Diyos? Ano ang maaari mong gawin upang ipakita ang iyong pag-ibig sa Diyos?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang Salita at sa pagkakataong ibinigay sa iyo para pag-aralan ang minor na propeta. Pasalamatan Siya sa dakila Niyang pagnanais na magkaroon ng relasyon sa Kaniya. Hingin na ingatan ang iyong puso na huwag lumamig at tulungan kang lumago sa pag-ibig sa Kanya araw-araw, at ibahagi ang Kanyang pag-ibig sa iba.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo magagamit ang “Blueprint sa Pagkahapo” na inilarawan ni Malakias sa kanyang estilong panitikan.

2. Paano ang pagdududa sa pag-ibig ng Diyos ay magdadala sa isa na magkaroon ng negatibong pananaw sa pangalan ng Diyos at gawain ng Diyos?

3. Ano ang magagawang masama ng pagdududa sa pag-ibig ng Diyos sa ating mga pangako sa Diyos?

4. Bakit ang kakulangan ng katapatan sa Diyos ay magdadala sa kakulangan ng katapatan sa ating asawa?

5. Ano ang magagawa nitong kakulangan sa katapatan sa katuruan ng Kasulatan na magbigay sa Diyos ng ating unang ikapu sa mga natatanggap natin?

6. Paano ang pagkahapo ay magdadala sa buhay na may pagtanggi?

7. Sa anong paraan ka gumawa ng sariling mong moralidad upang mabuhay ka ng buhay na nais mo na alam mong imoral?